


SA MGA PAKPAK NG ISANG MALA-NIYEBENG PUTING KALAPATI

 Iyuko natin ang ating mga ulo.

Minamahal naming Panginoon, pinasasalamatang Ka namin sa gabing ito sa pangakong pagparito ng Panginoong Jesus, kung saan kami'y magkakasama-sama sa dakilang pagtitipon na 'yun na hindi kailanman magwawakas, ang mga kagalakan at mga awitan, habang pinapupurihan Ka namin sa—sa walang katapusang mga panahon na 'yun na darating. Hinihiling po namin ang Iyong mga pagpapala sa pagtitipon sa gabing ito. Hinihiling din namin ang Iyong mga pagpapala sa tabernakulo rito, sa mga nagtulong-tulong dito, mga pastor na kasama rito, mga kamangagawa, mga kasamahang pastor, at sa lahat.

² Hinihiling po namin sa Iyo na pagpalain sila, Panginoon, na mga nagsibiyaha pa nang maraming milya upang makadalo sa pagtitipong ito, nawa'y maipatong Mo sa kanila ang kamay ng biyaya sa kanilang pagbiyaha pabalik sa kani-kanilang mga tahanan mamaya. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon. Nawa'y magkatipun-tipon kami nang sama-sama sa dakong ito nang marami't maraming beses pa sa bahay na ito ng Diyos, upang sumamba. Iyong pagpalain ang mga nakikinig ngayong gabi, Panginoon, sa telepono. Masumpungan nawa ng bawat isang di pa ligtas si Jesus Cristo na kanilang Tagapagligtas, sa gabing ito; pagalingin ang lahat ng mga maysakit at mga nagdurusa, Ama, ang Iyong lingkod ay nakahanda na para maglingkod, sa Pangalan ni Jesus. Amen!

³ Pagpalain ng Panginoon ang bawat isa sa inyo. Lubos nga akong nagagalak na makaparito ngayong gabi. Kapapasok ko pa lang at tamang-tamang inaawit ni Kapatid na Ernie 'yung huling bahagi nung inaawit niyang, *On The Wings Of A Dove*. Napakaganda talagang tula, napakaganda talaga, at alam kong—alam kong napapanahon talaga ito. Kaya naman, labis tayong nagpapasalamat.

⁴ At sa lahat nga ng mga nakatutok ngayong gabi saan mang panig ng bansa, kung narito lamang po sana kayo'y makikita n'yo sana ang paghihintay, at pagkasabik sa mukha ng mga tao na narito ngayong nagsisiksikan sa gusali sa gabing ito; talaga namang galak na galak sila.

⁵ Nais din nating pasalamatana sina Kapatid na Jack Moore, at Kapatid na babaing Moore, at Kapatid na Noel, Kapatid na Boutliere, Kapatid na Brown, lahat sila na mga kasamahan natin dito, ang buong tabernakulo, at lahat ng mga nagtulong-tulong dito, sa pag-anyaya sa amin na makabalik dito.

⁶ Isa nga itong . . . talagang . . . parang . . . di naman puwedeng sabihing nagkataon lang ito, ito'y kamay ngang talaga ng Diyos na nagpahintulot nito. May isang kapatid na lalaki tayo rito na nanaginip kamakailan, tungkol sa bagay na ito na mangyayari, sabi'y ako raw "ay nakatayo't nakasuot ng pares ng puting pantalon, nakasapatos na pang-Indian." At ganoon na ganoon nga ang ayos ko nung tumayo ako't tinawagan ko si Kapatid na Jack para sa pagtitipon dito, ganoon na ganoon, (sa Carson, Colorado) sapatos na pang-Indian at nakasuot din ng pares ng puting levi na pantalon; Kapatid na Leo, kung nakikinig ka riyan, magkita tayo mamaya. Doon nga namin napag-usapan 'yung pagdadaos ng pagtitipong, ito ngayon.

⁷ Ngayon ay Linggo ng gabi; batid kong marami sa inyo ang bibiyahe pa magdamag ngayong gabi sa pag-uwi, bibiyahe ang ilan sa inyo nang umaga. Ang biyahe ko nga'y dalawang araw na pagmamaneho. At kaya aming—aming sinisikap na hindi na kayo panatilihin pa rito nang matagal. At sinisikap kong gawin itong tulad nung mga gabi maraming taon na ang nakalipas, mga gabing kami nina Kapatid na Brown, at Kapatid na Jack, at lahat kami'y nagsisipanalangin noon para sa mga maysakit maraming taon na rin ang nakalipas, tayo nga'y mananalangin mamaya para sa mga maysakit gaya ng dati naming ginagawa.

⁸ Ngayon, naririnig n'yo po ba akong maigi riyan sa likod? Itututok ko lang pababa itong mga mikropono dahil paos ako.

⁹ At ngayon nais ko sanang . . . May gusto po akong ikuwento, isang munting pangyayari. Mangyaring, may nakapagsabi sa akin kani-kanina na may isang kapatid na lalaki raw, marahil narito siya ngayong gabi sa pagtitipon, siya nga'y kalalabas lang mula sa denominasyonismo; naparito siya sa Shreveport, nais niyang makapakinig tungkol sa Mensahe. At naligaw siya, hindi niya alam kung nasaan na siya, kaya dumiretso siya dun sa bayan. Nakakita siya ng mga taong nagkakatipon, sabi niya, "Dito po ba mangangaral si Billy Branham?"

¹⁰ Sabi dun, "Hindi, si Billy Graham ang mangangaral dito na—na ipapalabas na parang—parang sine."

¹¹ Sabi niya, "Buweno, pasensya na po, mali yata ako—mali yata ako nang napuntahang lugar."

¹² Sabi niya naglakad-lakad siya, sabi niya, "Ngayon saan ba ako dapat pumunta, Panginoon?" Nagsimula siyang maglakad-lakad dito sa pangunahing kalsada. Hindi ko alam kung anong pangalan nun, pero may malaking simbahan dun sa bandang dulo nun. Texas Street. At may isang malaking puting krus dun

sa tuktok ng simbahan. Sabi'y sinabi sa kanya ng Panginoon, sabi, "Sige lang magpatuloy ka pa sa paglakad." Sabi. . . nung makarating na siya dun, may. . . Sabi, "Buweno, siguro dito na 'yun, maraming nakaparadang sasakyan sa paligid." At sabi, "May nobya't nobyo na lumalakad palabas nung simbahan." Kagabi 'yun, may kasalan dun, nakita ko silang lumabas. Sabi ng Panginoon, "Ngayon, ganyan nga rin. Ika'y lumabas mula sa denominasyonalismo upang pumasok sa Nobya, upang sumama sa Nobyo." Kita n'yo? Kita n'yo?

¹³ Binabanggit ko nga sa maybahay ko, nung dumadaan kami dun sa kalsada, kung papaanong nakalutang 'yung buwan at bituwin sa mismong ibabaw nung krus doon, habang papalapit kami roon. Sa palagay ko'y may kakaibang pagtingin talaga ako sa mga bagay-bagay, na dala na rin ng pananampalataya ko sa Diyos at ng aking pagmi-ministryo.

¹⁴ Naiisip ko nga ngayong gabi, dun sa Tucson, mangyaring si Victor Le Doux, siya 'yung Pranses na. . . isa po siyang tubong Pranses talaga. Palagay ko nabanggit ko na sa inyo ito nung isang araw pa, na nung matapos na akong mangusap, tungkol dun sa pinaghihiwalay ko 'yung denominasyonalismo sa tunay na Cristianismo. . . At may lalaki roon na nagkausap kami. . . pinag-usapan namin 'yung tungkol dun, mula raw siya sa isang kilalang denominasyonal na iglesyang Pentecostal.

¹⁵ At kaya naman itong si Danny Henry, sa palagay ko siya'y pinsan ng isang artista sa pelikula o basta parang ganun, at isa siyang Baptist; at nagpunta siya dun sa entablado, at bigla na lang napayakap sa akin at ang sabi, "Kapatid na Branham, sana hindi naman ako parang namumusong, pero parang 'yan na 'yung ika-23 kabanata ng Apocalipsis." At parang may gusto pa sana siyang sabihin, tapos bigla na lang nagsalita siya sa iba't ibang wika.

¹⁶ At may, tatlong Pranses dun. . . Yung isa'y babaing Pranses (may kalakihan, ang katawan na babae, maitim ang balat, na taga-Louisiana, marahil nakaupo siya rito ngayong gabi) at isinulat niya sa isang kapisasong papel, 'yung sinasalita nung lalaki. Pagkatapos si Victor Le Doux, isang ministro, ay ganoon din at parehas sila ng isinulat; at pinagkumpara nga nila 'yung mga isinulat nila, o bago muna pala 'yun. Isang lalaking may mapusyaw na buhok (may pagka-olandes 'yung buhok niya) at nakatayo siya dun sa likod, sa pinaka dulo sa likod talaga, at lumakad siyang papalapit, gusto rin niyang usisain 'yung mga isinulat na 'yun. Isa siyang tagapagsalin sa wikang Pranses sa U.N. At mangyaring ang tatlong isinulat dun ay parepareho talaga.

¹⁷ At ganito ang sabi Nito dun:

*Sapagkat pinili mo ang mas mahirap na daang ito. . .
Pinili mo ito, iyong tinahak. . . iyong pinili ito sa iyong
sariling pagpili.*

Siyempre, alam natin 'yan. Maging si Moises ay kailangan din niyang pumili noon. Sabi:

Ito ang eksakto at tunay na daan, sapagkat ito ang AKING DAAN.

At isa talagang—isa talagang maluwalhating pasya ang ginawa mo!

Sabi:

Dahil dito, malaking bahagi ng Langit ang naghihintay sa iyo.

At ito mismo yaong gagawa, at magsasakatuparan, ng dakilang tagumpay sa Pag-ibig na Banal.

¹⁸ Lahat silang tatlo'y pare-pareho talaga. Akala ko naipit ko 'yun dito sa Biblia ko ngayong gabi, (sinilip ko 'yun dito, pero di ko pala naipit), 'yung orihinal na kopya nun.

¹⁹ Hindi marunong si Danny Henry sa . . . gaya ko rin, halos di nga siya marunong masyado sa Ingles, siguradong lalo na kung Pranses. Pero kung papansinin n'yong maigi, talagang wikang Pranses talaga, kasi pandiwa muna sila bago 'yung pang-abay. Tapos ang salin nung lahat ng tatlong 'yun ay parehong-pareho talaga.

²⁰ Si Danny Henry, kamakailan lang, nagpunta siya . . . Siguro nakikinig si Danny ngayong gabi. Marahil si Victor Le Doux ay nakikinig din, dahil sa pagkakaalam ko nasa Tucson siya. At sa mga taga-Tucson sa simbahan diyan, sa tabernakulo, sa Tucson Tabernacle kung saan si Kapatid na Green ang nagpa-pastor; si Kapatid na Victor Le Doux, sa pagkakaalam ko'y nasa isang pagtitipon siya doon sa malaking tolda dun sa pagbaba ng Park Avenue na kung didire-diretsuhin pa'y palabas na ng Highway 80, na tumbok naman dito sa atin. At kung sasadya po kayo dun bukas ng gabi at sa susunod pang gabi, kung nandun lang siya sa buong haba nung pagtitipon, puwede n'yong marinig ang kuwentong ito mismo sa kanya; at marahil si Danny ay nandun din at kasama niya. At marahil nakikinig sila ngayong gabi mula sa tabernakulo dun, hindi ko lang alam.

²¹ Si Danny nga'y nagpunta ng Jerusalem pagkatapos nun, at naikuwento niya na nasubukan niyang humiga dun sa libingan sa malapad na . . . malapad na bato na pinaghimlayan ni Jesus, nung katawan bago ang Kanyang pagkabuhay na mag-uli. At sabi, bigla na lang daw niya akong naisip; at napatakbo raw siya palabas, nagsimulang umiyak, at lumakad na palabas. At parang may pangunguna sa kanya . . . Isa nga siyang taga-lilok ng bato; taga-kiskis ng bato, ang ibig kong sabihin. Nagpunta raw siya dun sa dako kung saan ang sabi'y itinirik dun ang krus, at may nalaglag daw . . . may natungkab daw dun na isang maliit na kapirasong bato na mga kasing . . . oh, isang pulgada

ang laki, o parang ganun kaliit; ibinulsa niya 'yun, at parang may pangunguna sa kanya na iuwi 'yun.

²² Nung maibulsa na niya, may parang nagsabi sa loob niya, “Gawan mo si Kapatid na Branham ng isang pares ng butones na pangsara ng manggas gawa roon.” Kaya ibinabad niya 'yun sa asido, at binago nun 'yung kulay nun mula sa karaniwang kulay ng batong apog at naging kulay dugong bato. At gumawa siya ng mga butones.

²³ At nung maibigay na niya ang mga 'yun sa akin, hindi niya napansin 'yun, pero sa mismong gitna nung dalawang butones ay may dire-diretsong guhit dun, manipis na guhit. Suot ko ang mga 'yun para sa gabing ito, upang manalangin para sa mga maysakit. Ganoon nga, kulay dugo na—na bato, parang dugong tumutulo; dire-diretso, 'yung manipis na guhit sa pinaka gitna nun. Saktong-sakto talaga dun sa sinabi nung propesiya niya, “tuwid at makitid na daan”; kita n'yo, 'yun ang pagkakasabi dun sa propesiya. Ipinakita ko 'yun sa kanya.

²⁴ Danny, kung nakikinig ka, ikaw o si Kapatid na Le Doux, alinman sa inyo, ang gabing ito'y magiging tulad nung mga gabi nung araw na nananalangin tayo para sa mga maysakit. Ikinalulugod kong lumakad dito sa tuwid, na makitid na daan, ang daan ng Ebanghelyo, ang daan ng Salita, kasama ng ating Panginoong Jesus Cristo.

²⁵ Pagpalain kayong lahat ng Diyos. Ngayon, napakainam na makapangusap sa inyo, pero napahaba na ako sa pagsasalita at labis ko na kayong pinaghihintay rito. Ang sabi ni Billy nasa mga tatlo hanggang apatnaraang katao ang narito ngayon para ipanalangin, kaya kailangan ko nang dumako sa ating mensahe nang simbilibis nang makakaya ko, at pagkatapos mananalangin na para sa mga maysakit.

²⁶ Ngayon, sa mga taga-Arizona po, sa susunod na gabi nitong Sabado, pupunta kami riyon sa (hindi ko maisip ang pangalan nung bayan na 'yun) Yuma, Arizona, sa salu-salo riyon. Tapos naman, sa California, ang sunod naming pupuntahan sa Linggo ng umaga, sa Los Angeles at sa mga lugar na sa palagay ko'y pupuntahan pa namin.

²⁷ Ngayong gabi, nais kong humango ng teksto mula rito sa Kasulatan.

²⁸ Siyanga pala, nandun ako kanina sa isang kainan ngayong araw, sa Morrison's Cafeteria; naroon si Kapatid na Jack, ang maybahay niya, ako at ang maybahay ko. Nagpunta kami dun sa Morrison's Cafeteria para magkaroon ng kaunting panahon na magkakasama, hindi pa kami nakakalabas kahit kailan, ang kababaiha'y di pa nagkakasama kahit kailan. May kabataan pang lalaki na lumapit sa akin, Green ang pangalan niya, siya ang ama ni Kapatid na Peary Green. At sabi niya, “Alam mo, Kapatid na Branham, may nabanggit ka tungkol sa 'johnny pin'

nung isang gabi.” Talagang . . . Ano nga uli ’yun? Bobby pin po pala. Sabi niya, “Nabanggit mo ’yung tungkol sa ‘johnny pin,’” sabi, “Ikinuha kita ng ‘johnny pin.”” Iniabot niya ’yun sa akin.

²⁹ Ngayon, hayan nga ’yung “johnny pin,” mga binibini, hindi nga ’yun nagagamit sa buhok. Yung “johnny pin,” sabi—sabi niya ’yun ang ginagamit niya sa loob ng maraming taon, para hindi liparin ’yung mga pahina ng kanyang Biblia. Kaya sabi niya, “Bibigyan kita ng matibay na ‘johnny pin.’” Kaya nga, Kapatid na Green, kung narito ka man kung saan o nakatutok ngayon, talagang maaasahan ang “johnny pin” na ito, hindi na nililipad.

³⁰ Ngayon nais nating magtungo na agad sa mga Kasulatan. At nais kong magsibuklat kayo ngayon kasabay ko rito sa Mga Awit 55, at saka sa Mateo 3 na rin. At ang paksa ko sa gabing ito’y ang tema ni Kapatid na Ernie: *Sa Mga Pakpak Ng Isang Mala-Niyebeng Puting Kalapati*. Ngayon, hindi ko maiisa-isa ang lahat ng mga inilista ko rito at mga Kasulatan na nailagay ko rito, dahil lalampasan ko na ang ilan sa mga ito, at dahil sa ipinangako kong maiksi lang ang mensahe.

³¹ Kung loloobin ng Panginoon, para sa Yuma sa susunod na Sabado ng gabi, nais kong mangaral dun tungkol sa: *Ang Mga Kalagayan Para Sa Pag-agaw*, kung loloobin ng Panginoon.

³² Sa Mga Awit 53 . . . Pasensya na, sa Mga Awit 55 po pala.

Dinggin . . . (Ano po ’yun? 55, tama, po.)

Dinggin mo ang aking dalangin, Oh Dios; . . . huwag kang magkubli sa aking pananaing.

Pakinggan mo ako, at iyong sagutin ako: ako’y walang katiwasayan sa aking pagdaramdam, at ako’y dumadaing;

Dahil sa tinig ng kaaway, dahil sa pagpighati ng masama: sapagka’t sila’y naghagis ng kasamaan sa akin, at sa galit ay inuusig nila ako.

Ang aking puso ay nagdaramdam na mainam sa loob ko: at ang kakilabutan ng kamatayan ay nahulog sa akin.

Walang takot at panginiging na nagsisirating ay dumating sa akin, at tinakpan ako ng kakilabutan.

At aking sinabi, Oh kung ako’y nagkaroon ng mga pakpak na gaya ng kalapati! Lilipad nga ako, at magpapahinga.

Narito, kung magkagayo’y gagala ako sa malayo, ako’y titigil sa ilang. Selah. (Ang ibig sabihin ng Selah ay “Amen.”)

³³ Si David, isang maibigin sa ilang, noong nabagabag siya’t ayaw siyang paniwalaan nung mga tao, at nariyang inuusig na siya ng mga kaaway, sabi niya, “Kung ako’y nagkaroon ng mga

pakpak ng kalapati, lilipad ako papunta sa ilang at mananatili roon.” Napakaraming beses na ring naisip ko na ganun din ang gawin! Yung bang kukunin ko ’yung mahaba kong baril mula sa pagkakasabit sa dingding, ’yung aking camp bag, pupunta dun sa ilang at hindi na kailanman babalik. Sinangguni ko ang Panginoon na kung dumating man ang araw na ’yun. . . Ayaw ko sana ng gawaing paglilibing sa akin, sabi ko, “Kung puwede lang sanang magpunta sa kakahuyan kung saan, isasandal ko si tandang ‘Blondie’ sa isang punongkahoy. . . .”

³⁴ Ang mahabang baril ko po ang tinutukoy ko, pasensya na po, mahalagang sabihin ko—ko—ko ito dahil nakaupo ngayon diyan ang maybahay ko. Alam n’yo, ’yung mahabang baril na ’yun, bigay pa ’yun sa akin ng isang Kapatid na lalaki rito mga taon na rin ang binilang, limampu’t limang ulo ng mailap na hayop ang nabaril ko gamit ’yun, nang hindi nagmimintis, ang ilan pa nga dun ay inasinta ko sa layong pito o walong daang yarda. “Blondie” po ang tawag ko dun dahil kulay-kape ang buhok ng maybahay ko, kaya tuloy minsan sinasabi niya mas inaalala ko pa raw ’yung mahabang baril ko na ’yun kaysa sa kanya. Pero. . .

³⁵ Kaya naman, gusto ko—ko sanang maisandal ’yun sa isang punongkahoy, tapos sasabihin ko, “Panginoon, mangyari nawa na matagpuan ’yun ni Joseph balang araw.” Gusto ko sanang magkaroon nitong mga pakpak ng kalapati’t lumipad palayo.

³⁶ Ngunit tulad na lang noong minsan nung nasa itaas ako ng kabundukan at pinagmamasdan ko ang isang agila, at nakita ko siyang lumipad (alam n’yo na ang kuwento ko tungkol dun), sabi ko, “Mabuti sa akin ang ako’y dumito, Panginoon; gaya nung sinabi ni Pedro, ‘maaari kaming magtayo rito ng tatlong tabernakulo.’ Subalit sa may paanan ng bundok, naghihintay dun ang mga maysakit at ang mga nagdadalamhati, ang mga naliligaw at ang mga naghihingalo’y naghihintay.” Kaya gawin natin ang magagawa natin habang may panahon pa, dahil balang araw ay darating. . . ang mga pakpak ng puting Agila’y bababa, dadalhin Niya tayo palayo.

³⁷ Ngayon sa Mateo 3:16, nais kong basahin ang 16 at 17.

At si Jesus, nang mabautismuhan, pagdaka’y umahon sa tubig: at, narito, nangabuksan sa kaniya ang mga langit, at nakita niya ang Espiritu ng Dios na bumababang tulad sa isang kalapati, at lumalapag sa kaniya:

At narito ang isang tinig na mula sa mga langit, na nagsasabi, Ito ang sinisinta kong Anak, na siya kong lubos na kinalulugdan. (Sa madaling sabi, “na siya Kong kinalulugdang panahanan.”)

³⁸ Ngayon nais nating mangusap nang ilang minuto tungkol sa ibong ito. Noon pa ma’y isa na sa pinaka paborito kong ibon ang kalapati. At kung iisipin itong kalapati, ang kalapati ay

siya namang. . . ang ibong paloma rin at dahil iisang ibon lang sila. Ang ibong paloma ay 'yung kalapating inaalagaan sa bahay. Magkapamilya ang dalawang ito. Sinaliksik ko ito at talagang iisang pamilya sila. Ang paloma't kalapati, galing sila sa iisang pamilya. Ang ugali ng mga ibong ito'y bukod-tangi.

³⁹ Nangaral ako rito noon, ilang taon na ang nakalilipas, sa isang pagtitipon na ginanap sa isang malaking tolda kasama si Kapatid na Moore, tungkol sa: *Ang Cordero At Ang Kalapati*. Sa tingin ko'y naaalala pa n'yong lahat 'yun; at nabanggit ko 'yung kung papaanong ang kalapati ang pinakamalinis na ibon na mayroon tayo, at 'yung kordero naman ang pinakamaamong hayop na mayroon tayo. Silang dalawa'y mga ibon at hayop na nakalaan sa paghahandog.

⁴⁰ Napakaganda nga ng pagkakatipo nito kay Jesus bilang Cordero, at ang Diyos naman bilang ang Kalapati. At hindi nga maaaring lumapag ang kalapati sa isang lobo, hindi kasi tugma ang kalikasan nung lobo. Hindi ito maaaring lumapag sa isang aso, hindi kasi tugma ang kalikasan nung aso. Kinailangang sa ibabaw ng isang kordero; kinailangan kasing magtugma ang dalawang kalikasan. At ganoon din tayo dapat, ang ating mga kalikasan ay kinailangang mabago muna mula sa mabangis na makasalanang patungo sa kaamanan ng isang tupa.

⁴¹ At napansin n'yo ba na pinangunahan nung Kalapati ang Cordero? At pansinin n'yo, isinuko nung Cordero sa Kalapati ang lahat-lahat na taglay Niya. At tingnan n'yo kung saan Siya pinangunahan nung Kalapati: sa pagpapapako sa krus para sa pagkakasala nating lahat.

⁴² Ngayon, ang Kalapati. . .nais nga ng Diyos na may sumagisag sa Kanyang Anak, isinagisag Siya ng pinakamalinis at pinakamaamong hayop sa ibabaw ng lupa, isang panlupang nilalang; ngunit nang isinagisag ng Diyos ang Kanyang Sarili sa kalangitan, ay naisagisag sa pamamagitan ng pinakamaamo at pinakamalinis na ibon na mayroon dun sa kalangitan, isang kalapati.

⁴³ Ngayon, may pagkakaiba ang mga kalapati, maraming iba't ibang klase sila. Kadalasan 'yung kalapating bato-bato natin ay may pagka-kulay abo. At pagkatapos may tinatawag ding kalapating dolores, at may tinatawag ding kalapating anoche. May tinatawag ding kalapating sonora na mayroon kami dun sa bahay, siya'y maliit lang, kulay abo; munti't, maliit lang na nilalang na may pula-pulang mga guhit sa mga pakpak niya. Maraming iba't ibang klase talaga ang mga kalapati, at iba't iba ang mga kulay nila. Ganun din ang ibong paloma.

⁴⁴ Ngayon, kakaiba talaga ang pagkakadiseno sa kalapati, dahil sa ugali nitong hindi siya puwedeng kumain ng kahit anong marumi; sadyang hindi niya puwedeng gawin 'yun, dahil hindi siya nilikha para dun.

45 Ngayon, lagi ko nang sinasabi noon pa man ang tungkol sa kalapati bilang simbolo ng Diyos, at ang uwak bilang simbolo naman ng mapagkunwari. Ang uwak nga'y nagagawa niyang dumapo sa isang patay na katawan at manginain dun, buong araw, at tapos nun lilipad sa bukid at kakain ng trigo kasama nung kalapati. Nariya't kumakain talaga ng trigo ang kalapati kita n'yo, pero di nito kayang manginain ng patay na katawan. Kita n'yo? Sadyang di niya ito kayang gawin, hindi niya 'yun masikmura. At napaisip ako kung bakit hindi niya magawang gawin 'yun; pareho naman silang ibon, parehong ibon. Ngunit bakit kaya? Dahil nga sa pagkakadisenyo sa kanila.

46 Ganoon din ito sa isang tunay na Cristiano. Ang... isang maka-denominasyong Cristiano'y nagagawa niyang tumanggap nang tumanggap na lang ng kahit ano, ngunit ang isang tunay na, Cristianong naipanganak na muli ay hindi niya maaatim na tanggapin ang mga bagay ng sanlibutan. Ibang-iba talaga kasi ang pagkakadisenyo sa kanya.

47 Napag-alaman kong wala palang apdo ang kalapati. Wala ngang apdo ang isang kalapati dahil hindi naman niya 'yun kailangan.

48 Kaya ganoon din ito sa isang Cristiano, di niya kailangan ng anumang kapaitan, kita n'yo, dahil Pagkain lang ng Diyos ang nagagawa niyang makain. At hindi naman kailangan ng kapaitan para tunawin 'yun; pag-ibig ang kailangan dun, kita n'yo, kaya 'yun ang ano niya... para matunaw 'yung pagkain. Kapaitan kasi: "Oh," ang sabi nila, "ano kasi..." kontra sila Rito. Ngunit kapag pag-ibig ay talaga namang tinatanggap lagi Ito, ang Salita ng Diyos.

49 Ngayon, wala nga siyang apdo, kaya dahil diyan hindi niya magagawang... sadyang hindi niya magagawang manginain ng anumang bulok. At kung gagawin niya, mapapatay siya nun. Pero walang magiging panganib, dahil hindi naman niya talaga susubukang kainin 'yun (uh-huh), dahil wala siyang gana para kainin 'yun.

50 At ganoon din sa isang tunay na Cristiano. Alam n'yo bang sa tunay na Cristiano'y wala man lang kahit anong kasalanan ang maibibilang sa kanya? Sabi ni David, "Mapalad ang tao na sa kanya'y hindi ibibilang ng Diyos ang kasalanan." Kapag nahugasan ka na sa Dugo ng Cordero (hindi sa mapagkunwang pananampalataya, kundi sa—sa Dugo talaga ng Cordero), ay di na ibibilang ng Diyos sa iyo ang anumang bagay na nagawa mo, dahil nasa ilalim ka na ng Dugo at di na Niya ito titingnan. May inihain nang Dugo; ang tanging kalagayan na makikita ka Niya, ay ang kalagayan na nakita ka Niya bago ang pagkatatag ng sanlibutan noong ilagay Niya ang iyong pangalan sa Aklat ng Buhay ng Cordero. Sa ganoong kalagayan ka lamang Niya titingnan, sapagkat tinubos ka na sa lahat ng bagay na nagawa

mo, nahugasan ka na sa Dugo ng Cordero. Kung kaya naman wala nang apdo sa iyo, wala na 'yang maruming gawi sa iyo, sapagkat may ginawa na para dun ang Dugo ng Cordero; at di na ibibilang ng Diyos sa iyo ang kasalanan matapos na may handog na para sa iyong kasalanan na nakalapag sa dakong 'yun na naghihintay para sa iyo.

⁵¹ “Buweno,” sasabihin mo, “aba’y binibigyan n’yan ako ng maraming puwang kung ganoon, Kapatid na Branham, puwede ko nang gawin ang kahit anong gusto ko.” Ako nga’y lagi kong ginagawa ang gusto ko; lagi ’yan. Subalit kapag ang isang tao’y kitang-kita naman niya kung ano ang ginawa ni Jesus para sa kanya, at pipihit at gagawa ng isang bagay na laban sa Kanya, ipinapakita lang n’yan na hindi pa niya talaga natatanggap si Cristo kahit kailan.

⁵² Nariyan po sa bandang likuran ang munting maybahay ko. Mas bata siya sa akin ng sampung taon, pero nag-uuban na ang buhok niya gaya ko. At ang dahilan ay dahil naging matatag ang pagkakatayo niya sa pagitan ko at ng—at ng mundong ’yan sa labas. Kung mangingibang-bansa nga ako, at ako’y. . . Hindi ba’t ano ba namang klaseng pamilya ito, kung titipunin ko ang pamilya ko sa palibot ko at sasabihin ko: “Tumingin ka rito, Gng. Branham, dapat mong maintindihan na ikaw si Gng. William Branham. Huwag kang magkakaroon ng ibang asawa habang wala ako. Huwag kang hahanap ng kung sinong ibang lalaki riyan,” at basta mga ganyan. “Huwag na huwag kang magpapakita ng motibo. Kung gagawin mo kasi ’yan, pagbalik ko’y hihiwalayan talaga kita.”

⁵³ At babaling naman siya at sasabihin, “Ngayon, mabuti kong asawa, may gusto rin naman akong sabihin sa iyo. Huwag na huwag kang sasama sa sinumang ibang babae habang wala ka. Huwag mong gawin ang *ganito* at *ganoon*. Kapag ginawa mo, ituring mo na ang sarili mo na hiwalay na sa pag-uwi mo.”

⁵⁴ Ngayon, pamilya ba ’yan na puno ng pagmamahalan? Kita n’yo? Hindi! Dahil kung talagang mahal ko siya. . . Bagama’t naniniwala akong nagkamali man ako at di naman sinasadya at nakagawa ng bagay na mali, naniniwala akong patatawarin niya ako roon dahil mahal niya ako. At kung siya naman ang makagawa ng mali, naniniwala akong patatawarin ko rin siya roon; ganoon nga ’yun, sapagkat mahal ko siya. Dahil nga kung iibigin ko siya sa ganoong paraan, hangga’t inibig ko siya sa ganoong paraan ay wala nga siyang dapat ipag-aalala. Na bagama’t patatawarin niya ako, hindig-hindi ko siya sasaktan kahit anong mangyari. Ako—ako—ako na ang magiging pinaka walang konsyensyang lalaki n’yan sa buong mundo, ang dapat nga’y uunahan ko nang ipagtapat sa kanya ang tungkol dun sa nagawa ko, dahil mahal ko siya. Buweno, kung. . . kung ganyan na ’yung pag-ibig ko sa kanya sa pag-ibig na *phileo*, gaano pa kayang higit ang pag-ibig kong *agapao* kay Jesus Cristo?

55 Bagama't manigarilyo man ako, hindi ko nga 'yan minsan nasubukan sa tanang buhay ko; pero sabihin nating bagama't magawa ko, patatawarin nga Niya ako rito, naniniwala akong patatawarin nga Niya ako. Kung uminom man ako ng alak, hindi ko nga 'yan minsan nasubukan sa tanang buhay ko, pero kung sakali man ay naniniwala akong patatawarin Niya ako roon. At labis ko Siyang iniibig, (Diyos, tulungan Mo po ako) ayaw kong makagawa ng anumang gaya nun, kita n'yo, dahil iniibig ko Siya. Ang bagay na 'yun ay naalis na sa akin, dahil nung baguhin Niya ako mula sa pagiging uwak patungo sa pagiging kalapati ay nagkaroon talaga ng kaibhan, iniwan na ako ng gana ko't mga bagay na gaya nun; kung gayon ay hindi na ibinibilang sa akin ang kasalanan sapagkat di ko nilalayong gawin 'yun, wala na sa loob ko ang gawin pa 'yun.

56 Ngayon isa pang katangi-tanging bagay tungkol dito sa kalapati. Isa siyang kakaibang ibon. Nakita n'yo na siguro na sa lahat ng mga ibon . . .

57 Isa sa mga paborito kong ibon ang robin. Ngayon, kayong mga batang lalaki ihinto n'yo na ang pamamaril sa mga robin ko, kita n'yo, 'pagkat ayaw kong ginagawa n'yo ang ganun. Yung robin ko, alam n'yo ba kung papaano niya nakuha 'yung pulang dibdib niya? Alam n'yo, isang araw may isang Lalaki na naghihingalo sa krus, walang may nais na tumulong sa Kanya, pinabayaan nga ng Diyos 'yung Lalaki, at mamamatay na Siya. May mga pako dun sa Kanyang mga kamay, ang Kanyang mga paa't tagiliran Niya'y nagdurugo, may putong sa Kanyang ulo at mga tinik-tinik, tumutulo ang Dugo sa Kanyang mukha. At may munting ibong napadaan, isang munti't, kulay tsokolateng ibon. At napatingin siya dun, at . . . naisip niya na 'yun na ang pinaka kaawa-awang tanawin na nakita niya kahit kailan. At batid niyang isa lamang siyang mumunting ibon, pero tinitigan niya 'yung mga naglalakiha't, malulupit na pakong Romano na ibinaon sa Kanyang kamay, at lumipad siya dun at sinubukang bunutin ang mga 'yun gamit ang kanyang tuka. Napaliguan niya ang kanyang dibdib ng dugo, at mula noon ay naging pula na ito. Nais ko ngang ang aking dibdib, ay matak pang parang kalasag, din naman, ng Kanyang Dugo, at ipagtatanggol ko Ito hanggang sa makadako roon para katagpuin na Siya. Gustong-gusto ko talaga ang munting robin.

58 Ngunit, alam n'yo ba, na kinakailangang maligo ng isang munting robin; pero, alam n'yo ba, na hindi na kailangan pang maligo ng isang kalapati; hindi na nga. May kung anong uri kasi siya ng langis sa loob niya na naglalangis sa kanya at nagpapanatili sa kanyang malinis mula sa loob palabas. Alam n'yo ba 'yun? May ganoon nga ang kalapati! Nilalangisan ng kalapati ang sarili niya. Nasubukan n'yo na bang kumuha ng isang kalapati, amuyin 'yung samyo na nasa kanya, ng kalapati na 'yun o parang ganun? Yun 'yung langis na lumalabas mula sa

loob niya. Binubuo ang katawan niya ng glandula ng langis na nagpapanatili sa mga balahibo niya na palaging malinis sa labas dahil naglilinis siya mula sa loob palabas. Siyanga. Isa siyang kahanga-hangang munting ibon.

⁵⁹ Ngayon, alam kong puwede kayong mamaril nun dito, sa palagay ko, sa Louisiana. Pero huwag n'yong gawin 'yun! Oh, hindi ko nga maatim na gawin 'yun. Sa palagay ko kung gutom ako siguro, ayos lang marahil 'yun, pero di ko—di ko talaga kayang kalabitin man lang 'yung gatilyo sa harap ng isa nun kahit obligahin pa ako.

⁶⁰ Mangyaring. . . Yang kalapati nga'y may dakila't kakaibang lugar sa aming pamilya. Isang araw nung ang lola ko. . . Tagarito siya sa Kentucky, mula sa reserbasyon ng mga Cherokee. Naghihingalo na siya noon, isang munting babae, at siya'y. . . May. . . sa palagay ko scrofula ang tawag nila dun o parang ganun, naghihingalo na siya. At nakaluhod si lolo sa gilid nung higaan; habang si Nanay, Tiya Birtie, Tiya Howlie, lahat sila'y nakaluhod sa palibot nung higaan; si Tiyo Charlie, (napakaliit pa noon, nasa apat na taong gulang na batang lalaki pa lang) siya 'yung pinaka bunso; si Nanay, ang pinaka matanda, nasa labindalawang taong gulang pa lang siya noon. At sinuklay ni nanay 'yung maitim na buhok ni lola sa higaan, at nagsimula ngang umawit si lola, "Bato ng mga Kapanahunan, na dahil sa aki'y tinapyasan, itulot nawang ikubli ko ang aking sarili sa Iyo," nung naghihingalo na siya. Si lolo, nung panahon na 'yun, di pa siya Cristiano. Otsenta y siyete anyos na nga siya nung bautismuhan ko, sa Pangalan ni Jesus Cristo, sa paanan nung ilog dun kung saan nagpakita ang Anghel ng Panginoon.

⁶¹ Mangyaring habang inaawit ni lola 'yung awiting 'yun, na nakataas ang nanghihina na niyang mumunting mga kamay sa ere, lumipad papasok ang isang kalapati sa pintuan; paikot-ikot muna, dumapo sa ulunan ng higaan, tapos nagsimulang humuni. Noon din ay kinuha ng Diyos ang kaluluwa ni lola.

⁶² Nagpunta ako noon sa London, England kasama si Kapatid na Jack at kasama si Kapatid na Gordon Lindsay, at may isang babae na nagngangalang Florence Nightingale (ang sabi raw, sa pagkakaalam ko, apo siya sa tuhod o parang ganun nitong yumaong si Florence Nightingale) na marami na ring liham na naisulat sa akin. Nasa Timog Aprika siya noon, naghihingalo dahil sa kanser. At may litrato siya riyang; makikita n'yo 'yun diyang sa aklat. Hindi pa ako nakakita sa buong buhay ko ng may ganung kalagayan. Si Kapatid na Jack, sa pagkakaalala ko, ay kasama ko nung araw na 'yun. Tumuloy kami sa bahay ng isang ministro, sa tahanan ng tagapamahala ng simbahan, sa likod lamang nung simbahan kung saan nila siya dinala.

⁶³ Habang nandun pa lang kami sa. . . sa kung saan lumapag 'yung eroplano, tinawagan nila agad kami, at sakay siya noon

sa isang ambulansya; inilipad siya buhat—buhat doon sa Timog Aprika, nung malaman nilang darating ako ng Inglatera nung panahon na 'yun. Dinala nga siya ng ministro sa tahanan nung tagapamahala ng simbahan, kaya dun kami dumiretso para ipanalangin siya.

⁶⁴ Marami na akong nakitang mga tao na maysakit, pero ang munting mga braso niya'y hindi man lang lumampas ng isang pulgada ang nipis, 'yung kanyang—kanyang bungo kung saan nagdudugtungan 'yun, makikita mo 'yun. At siya . . . 'yung mga binti niya hanggang dito sa may balakang niya'y di man lang abot *doon*, mga dalawang pulgada lang ang nipis, buto na lang halos. At di man lang niya maiangat ang mga kamay niya, sobrang lupaypay siya para maitaas niya ang mga kamay niya. At parang may gusto sana siyang sabihin, at kaso hindi ko siya maintindihan. At nung marinig ko na rin siya, sa pagkakaalala ko sa pamamagitan nung isang nars, sabi niya, “Kapatid na Branham, idalangin mo sa Diyos na itulot nang mamatay na ako.” Hindi na niya . . . ayaw na niyang mabuhay. At napansin ko, 'yung mga luhang tumutulo sa gilid ng mga buto sa mukha niya. Yun na lamang siguro ang bahagi niya na may sapat na tubig para makaluha siya, hindi ko alam; dahil pumalya na 'yung mga ugat niya, at kalunos-lunos talaga ang kalagayan niya. Nagpunta nga ako roon para ipanalangin ang maysakit, kaya hindi ko maipanalangin na mamatay na lang siya. Ngunit mukha namang hindi pa siya mamamatay noon, lumalaban pa rin kahit paano.

⁶⁵ Lumuhod nga ako noon kasama ng inyong pastor, sa silid para manalangin. At nung lumuhod na ako para manalangin, isang munting kalapati ang lumipad dun sa tabi nung bintana; nagsimulang humuni. Nung matapos na akong manalangin, ang akala ko nga'y alagang kalapati 'yun dun. Mahamog kasi noon sa labas, dahil ganun talaga sa Inglatera, sa dakong 'yun ng Isla ng Britanya. At tumigil na sa paghuni 'yung munting kalapati, at lumipad na palayo. Lumapit ako't pinatungan siya ng mga kamay at tinawag ang Pangalan ng Panginoon. At ang babae'y nasa mainam nang kalagayan, malakas at malusog na babae na ngayon, sa mga pakpak ng isang Kalapati.

⁶⁶ Pinapanatili ng kalapating malinis ang kanyang sarili mula sa loob. Ganoon din ang ginagawa ng isang Cristiano, siya'y naglilinis mula sa loob. Wala roong masamang pag-iisip . . . Hindi niya kasi kailangan ang anumang apdo para tunawin ang anuman, sapagkat di naman siya kumakain ng ganun. Kita n'yo? Malinis siya mula sa loob palabas.

⁶⁷ Ngayon, napansin natin na ang ibon pong ito . . . Marami pa sana akong mga bagay na nailista rito, pero patuloy na umiikot ang orasan. Ang ibon na ito'y ginagamit doon sa Lumang Tipan para sa paghahain, para sa kapatawaran at para sa paglilinis. Sumangguni nga tayo sa isa rito sa Genesis

15:9. Pagbulay-bulayan natin ang talatang ito pansumandali. Ngayon, si Abraham kanyang . . . tinanong ang Diyos dito, kung papaano Niya gagawin 'yun. At hayan nga ang Diyos na ginaganap ang Kanyang Salita kay Abraham, at kakaibang pamamaraan nga ang paggawa Niya rito. Simulan natin sa . . . Simulan nga natin sa unang talata. Ayaw kong madaliin ito.

Pagkatapos ng mga bagay na ito ay dumating ang salita ng PANGINOON kay Abraham sa pangitain, . . .

Kita n'yo, si Abraham ay isang propeta, kaya nakakakita siya ng mga pangitain.

. . . Huwag kang matakot, Abraham: ako ang iyong kalasag, at . . . ganting pala na lubhang dakila. (Jehovah-Manesses, kita n'yo.)

At sinabi ni Abraham, Pa- . . . sinabi, Oh Panginoong Dios, . . . (Pansinin, malaking letrang P, "Panginoong Dios." Elohim! Kita n'yo?). . . Panginoong Dios, . . . (sa pangitain nga ito). . . anong ibibigay mo sa akin, kung ako'y nabubuhay na walang anak, at ang magaari ng aking bahay ay itong taga Damascong si Eliezer?

At sinabi ni Abram, Narito, hindi mo ako binigyan ng anak: at, narito't, isang ipinanganak sa aking bahay ang siyang tagapagmana ko.

At narito, ang salita ng PANGINOON ay dumating sa kaniya, na nagsabi, Hindi ang taong ito ang magiging tagapagmana mo; . . .

Pinangakuan na nga siya rian, alam n'yo. Hindi . . . Kita n'yo, diyan mismo'y hindi talaga papasa si Abraham, subalit ang pangako'y walang kundi-kundisyon nga; yaong tipan nga, walang kundi-kundisyon.

. . . kundi lalabas sa iyong sariling katawan ang magiging tagapagmana mo. (At sandaang taong gulang na siya n'yan.)

At siya'y inilabas, at sinabi, Tumingala ka ngayon sa mga langit, at iyong bilangin ang mga bituin, kung mabibilang mo: at sa kaniya'y sinabi, Magiging ganiyan ang iyong binhi. (Isang lalaking walang anak, at ngayon ay sandaang taong gulang na.)

At sumampalataya siya sa PANGINOON; at ito'y ibinilang na katuwiran sa kaniya.

At sinabi sa kaniya, Ako ang PANGINOON na nagpaalis sa iyo sa Ur, mula sa mga Caldeo, upang ibigay sa iyo ang lupaing ito na manahin mo.

At sinabi niya sa Kanya, Pangi- . . . Panginoon . . . o Panginoon . . . paanong pagkakalala ko na aking mamanahin?

68 Ngayon pakinggan n'yo ito.

At sinabi sa kaniya, Magdala ka rito sa akin ng isang dumalagang bakang tatlong taon ang gulang, at ng isang babaing kambing na tatlong taon ang gulang, . . . (masdan n'yo ngayon 'yung tatlo-tatlo na 'yan, "tatlong taon ang gulang") . . . at ng isang lalaking tupang tatlong taon ang gulang, at ng isang inakay na batobato, at ng isang inakay na kalapati. (Kapwa siya ring mga tauhan, kapwa siya ring bagay. Kita n'yo, ginamit ito sa isang paghahain bilang pangunang pagpapakilala kay Jesus.)

69 Gumawa ng tipan . . . Alam n'yo, gaya ng paghahati niya sa mga 'yun, at gaya nga nung . . .

70 O gaya nga nung unang panahon, sa tuwing gagawa sila . . . makikipagtipan, gagawa sila't susulat ng—ng kasunduan. At kakatay ng isang hayop, tatayo sa pagitan nun; pipilasin 'yung tipan sa dalawa, kukunin nung isa 'yung isang bahagi . . .

71 Kagaya nga nung dating ginagawa sa palabahang Intsik. Yung Intsik nga, di naman kasi siya makapagsulat ng Ingles, kaya susulat lang siya dun at pupunitin 'yung kapisasong papel at ibibigay sa iyo 'yung isang bahagi nun. At inyo—inyo pa sigurong naaalala 'yung mga palabahang Intsik nung ginagawa pa nila 'yun dati. At ikaw nga . . . 'yung—'yung dalawang dulo nun ay kailangang magtugma, para makuha mo ang pinalaba mo. Kita n'yo, hindi mo siya madadaya, 'pagkat nasa kanya 'yung kabilang dulo nun. Siguro'y puwede mong isulat uli ang pangalan mo, pero hindi mo nga mapupunit 'yung papel nang ganun na ganun sa dati. Kita n'yo? Kaya, nasa kanya . . . dapat talagang 'yung siyang kapisasong papel na 'yun talaga.

72 Kaya ganoon nga ang pamamaraang ginagawa nila nung panahong Silanganan, kay tagal . . . o kay tagal nang panahon nung panahon sa Silangan. Kakatay sila ng isang hayop, tatayo sa pagitan nun, hahapakin ang kapisasong balat ng kambing, kukuha 'yung isa ng isa nun . . . At kapag pagtitibayin na 'yung tipan, kukunin nila 'yung mga piraso nun at kinakailangang maglapat ang mga 'yun nang eksaktong-eksakto.

73 Ngayon, ang ipinapakita nga ng Diyos sa kanya rito ay ito, ang mga haing ito, ay nagpapatungkol kay Cristo; 'yun ngang kung paanong dinala ng Diyos si Jesus sa Kalbaryo at hinapak Siya, at tinanggap ang katawan doon sa Langit at ipinadala ang Espiritu pababa sa atin, upang ang siya ring Espiritung sumasa Kanya ay nararapat lang namang mapasa inyo upang lumapat nang eksakto sa Katawan, upang maging ang Nobya sa huling panahon. Kita n'yo? Kita n'yo? Siyanga. Kita n'yo? Hindi denominasyon, nga. Kundi ang Salita, kung ano Siya. Kita n'yo?

74 Mangyaring kung papaano ngang ang Salitang 'yun ay lalapat namang talaga sa Salita, gaya ng selula sa isang tao.

Alam n'yo, kapag bubuuin ang inyong—inyong katawan, hindi 'yun selula ng isang tao, tapos dudugtungan ng sa aso, tapos dudugtungan ng sa baboy. Oh, hindi, hindi ganun. Itong lahat ng ito'y selula ng tao. Ganoon ang Katawan ni Cristo, ang *lahat* ng 'yun ay Salita ng Diyos. Hindi lang bahagi Nito, na may kung anong tradisyong idinagdag Dito; hindi ganun, ang *lahat* ng Ito'y Katawan ni Cristo.

⁷⁵ Ngayon, nakita natin dito na kapwa ginamit niya 'yung ibong bato-bato at 'yung inakay na kalapati, sapagkat iisang pamilya lang sila. Ngayon, lagi n'yong . . .

⁷⁶ Kaya pansinin n'yo (babanggitin ko lang ang ilan sa mga Kasulatan dito) Levitico 12, at sa ika-6 na talata. Makikita natin dito ang panuntunan ng isang babaing nililinis; kung ang babae'y magsisilang ng sanggol, kailangan niyang maghintay. Kung lalaki 'yung sanggol, kailangan niyang maghintay ng tatlumpu't tatlong araw bago siya makapasok sa kapisanan na may dalang mga kalapati, para sa paglilinis. Kung babae ang isinilang niya, kailangan niyang maghintay ng siyamnapu't anim na araw bago siya makapasok sa kapisanan.

⁷⁷ Ngayon makikita natin dito, sa ika-6 na talata.

At pagkaganap niya ng mga araw ng kaniyang paglilinis, maging sa anak na lalake, o sa anak na babae, ay magdadala siya ng isang kordero ng unang taon na pinakahandog na susunugin, at isang inakay ng kalapati, o isang batobato, na pinakahandog dahil sa kasalanan, sa pintuan ng tabernakulo ng kapisanan, sa saserdote:

⁷⁸ Kita n'yo, hindi pa siya maaaring pumasok dahil hindi pa niya tapos 'yung mga araw niya, subalit maaari niyang ibigay ito sa—sa saserdote sa pintuan, para sa kanyang paghahandog. Kita n'yo, puwedeng bato-bato o kaya inakay na kalapati. Iisa lang naman silang pamilya.

⁷⁹ Ngayon ito—ngayon ito nga'y ginagamit sa kapatawaran, at kapag kapatawaran nga sa kasalanan, isang kalapati. O kapag ketong naman, na isang klase ng kasalanan, magdadala ka ng dalawang kalapati: tatanggalan ng ulo 'yung isa, iuumang nang paganoon at patutuluan ng dugo 'yung isa pa; at pagkatapos 'yung isa ngang kalapati na 'yun ay pakakawalan. At paglipad nung kalapati na 'yun, babasain niya 'yung lupa gamit 'yung dugo nung kanyang kapares, at iiyak nga ang dugong 'yun sa Diyos, “Banal! Banal! Banal ang Panginoong Diyos!”

⁸⁰ Hindi n'yo ba nakikita yaong namatay na Kapares, si Jesus Cristo? Na pinatay at ipapatak sa atin, upang tayo'y lumaya, na makasisigaw “Banal! Banal! Banal! sa Panginoon.” Napaka ganda ngang mga tipo. Kung sana lang ay may tinig pa ako.

81 Ngayon tipo nga ang dakilang Espiritu Santo gaya nitong nababasa natin sa Apocalipsis 3:16; ginagamit ng Diyos bilang tanda, ang kalapating ito.

82 Si Noe'y binigyan ng isang tanda, gaya nga nung inawit lang kanina ng kapatid na lalaki tungkol dito. Hindi nasiyahan ang Diyos, at walang makapipigil sa Kanyang galit, sapagkat sinabi na Niya, "Sa araw na ika'y kumain niyaon, sa araw na iyon ay ika'y mamamatay." At si Noe nga'y nakasumpong ng habag sa Diyos at gumawa siya ng daong na naaayon talaga sa pagkakadiseno. . . sa pagkakasabi pala, ang ibig kong sabihin, na ibinigay Niya sa kanya. At siya nga'y pinalutang sa ibabaw.

83 Nakikini-kinita ko ang kanyang. . .kung anong nangyari nung mga araw na 'yun noong sabihin nung mga tao, "Ang matandang lalaking 'yan sa ibabaw ng burol, isang matandang panatiko, na gumagawa ng isang daong, nagsasabing 'uulan,' at hindi pa naman kailanman umulan." Ngunit talagang. . .

84 Sinabi ni Noe, "Uulan talaga, kahit anong mangyari."

85 At batid ko ngang dun sa araw na pumasok siya, sa palagay ko nung. . . hindi ko lang maalala kung anong araw talaga 'yun, sa pagkakaalala ko'y ikalabimpitong araw ng Mayo. Pumasok si Noe sa daong, at isinara ng Diyos ang pintuan.

86 At nagsimulang dumating 'yung mga ulap, nagsimulang bumuhos ang ulan, at nagsimulang mapuno ang mga daluyan ng tubig, 'yung mga balon ay bumulwak mula sa kalaliman, 'yung lahat ng mga bukal ay nagsibuga ng tubig. Di kalaunan nagsipasok ang mga tao sa kani-kanilang bahay, nagsiakyat. Yung matandang daong ay nakapirmi pa rin doon.

87 Makaraan ng ilang sandali nung may sapat nang tubig sa palibot niya, nagsimula na siyang pumaitaas nang pataas nang pataas. Nagsikatok ang mga tao sa mga pintuan at nagsisigaw, subalit wala—wala na 'yung magagawa pa, hindi na puwedeng buksan ni Noe ang pintuan. Ang Diyos ang nagsara nun, kaya ang Diyos lamang ang Siyang makapagbubukas nun.

88 Kaya ganun din 'yun sa ating Daong, na si Jesus Cristo; Diyos ang nagbukas ng pintuan para sa atin sa Kalbaryo, Siya rin ang magsasara nito na kasing sigurado nung buksan Niya ito.

89 At lumutang 'yung daong, at palutang-lutang dun, marahil may lalim nang isang milya sa ibabaw ng lupa kasabay ng pagtabingi ng daigdig palihis sa. . . palihis sa—sa. . . nararapat nitong pag-inog. At nagpaikot nang nagpaikot ang daigdig, at 'yung mga kimpal, at 'yung mga punongkahoy, aba'y umabot na sa taluktok ng bundok at sama-sama dun, tumataas nang tumataas sa loob ng apatnapung araw at gabi.

90 At nung magsimula nang humupa ang mga hangin. . .

91 Nakakatakot talaga ang galit ng Diyos. Ang pag-ibig nga Niya'y dalisay at Banal; at ang Kanyang galit ay kasing Banal—

kasing Banal nga ng Kanyang pag-ibig, sapagkat, nararapat talaga Siyang humatol dahil isa Siyang hukom. Tagapagbigay Siya ng batas, at ang batas na wala namang kaparusahan ay hindi nga batas. Kaya nararapat lamang na may kaakibat na parusa ang batas. At kung salansangin n'yo ang mga kautusan ng Diyos, tiyak na ipapataw sa inyo ang kaparusahan.

⁹² Ngayon napansin natin na pagkatapos na magpalutang-lutang ni Noe sa ibabaw ng baha, walang dudang nahilo-hilo siya sa loob dahil sa dagundong at paglangitngit, habang ang galit ng Diyos ay patuloy na humahagupit at humahambalos, at nagkakasigawan na't kung anu-ano pa. Pagkatapos nagsimula nang pumayapa, walang nangyayari. Lumipas ang mga araw, wala pa ring nangyayari. Siguro'y 'yung rasyon ng pagkain ng mga hayop ay paubos na, pero wala pa ring nangyayari. Kaya naisip niya, "Ano kaya . . . di ko pa nakikita ang labas."

⁹³ Ginawa ang daong na (kapag nakapasok na kayo sa loob nun), may nag-iisang bintana lang 'yun, at nasa pinaka itaas pa 'yun mismo. Hindi kayo puwedeng tumingin sa mga tagiliran nun, hindi kayo puwedeng tumingin sa anumang paraan liban sa diretsong paitaas lang. At ganoon ang Daong, si Jesus Cristo, hayan nga. Hindi kayo maaaring tumingin sa katabi n'yo, hindi kayo maaaring tumingin sa anumang iba maliban kay Cristo kapag nasa loob na kayo ng Daong sapagkat may nag-iisang pintuan lang 'yun, at Siya ang Pintuan na 'yun na napag-usapan natin kaninang umaga. Kailangan mo ngang tumingin nang tuluy-tuloy sa itaas, "Sapagkat ang hahawak sa araro at babaling upang lumigon, ay di karapat-dapat sa pag-aararo."

⁹⁴ Ngayon, gaya na lang sa daong na ito . . . At nababanaagan nga niya 'yung liwanag, at marahil sikat 'yun ng araw, ngunit iniisip niya kung saan na siya naroon. Lumulutang pa rin nun ang daong, naririnig niya 'yung hampas ng mga alon sa mga tagiliran, ngunit alam niyang maraming araw na ang lumipas, tiyak na humuhupa na ang tubig sa panahong 'yun. Kaya kumilos siya't kumuha ng isang di mapagkakatiwalaang ibon, mapaglinlang, at sinubok niya *ito*, at isinugo niya ito sa labas. Isa 'yung uwak, at hindi na nagbalik pa 'yung uwak na 'yun, dahil nakasumpong 'yun dun ng kasiyahan sa labas, ng daong ng Diyos. Palipat-lipat ito sa mga patay na katawan, kinakain ang mga bangkay at ang bulok na karne na palutang-lutang sa tubig; at ganap nga itong nasiyahan.

⁹⁵ Kaya pagkaraan nang ilang mga araw ay sinubukan niyang magsugo uli, dahil batid niya . . . Di niya gustong lumabas dun sa galit ng Diyos. Kaya nagpakawala siya ng kalapati. At ang kalapating ito'y may ibang kalikasan kaysa dun . . . Hindi nga ito isang buwitre, o nilalang na kumakain ng bulok, mga malilinis at di bulok na mga bagay lang ang nakakain nito. At nalugod ito pero dahil sa di ito makasumpong ng kahit anong mapagdadapuan ng mga talampakan ng kanyang mga

paa, nagbalik ito sa daong. Sabi ni Noe, “Buweno, may baha pa rin.”

⁹⁶ Pagkatapos ay naghintay uli siya ng ilan pang mga araw, at nagsugo siya uli; gaya nung ipinanalangin niya, “Oh Diyos, humupa na ba ang Iyong galit? Tapos na—na—na ba ang Iyong galit, Panginoon? Tapos na ba talaga itong lahat?” At sabi niya, “Ngayon, kung magsusugo ako sa pagkakataong ito, siya nga’y mananatili dun sa labas kung humupa na ang mga baha, siya nga’y mananatili.” Ngunit pagkasugo niya rito sa pamamagitan ng panalangin, at nung lumabas na siya dun sa pangunguna ng Diyos, pumutol siya dun ng isang dahon ng olibo mula sa isang punongkahoy, at lumipad na siya pabalik at tinuktok muli ang bintana.

⁹⁷ Gumamit ang Diyos ng isang kalapati bilang isang tanda. Nagbalik ang kalapating nagsasabing “humupa na ang baha,” at pagkatapos ay binuksan na ng Diyos ang pintuan, at sila dun ay nagsilabas na. Nasa Genesis 8:8 ’yan.

⁹⁸ Ginamit din ’yun sa Mateo 3:16, muli nang ang galit ng Diyos ay nasa lupa. At wala nang paraan, pinakamadilim ang gabi, kalagitnaan ’yun ng gabi, binaluktot nang husto ng mga iglesya ang mga bagay-bagay hanggang sa wala nang paraan para makalabas pa rito. At naglipana ang mga huwad na mga tagapagturo, lahat ng kung anu-anong bagay ay nagsilitawan, lahat ng klaseng pag-aangkin ay nagsilitawan, pero gumamit muli ang Diyos ng kalapati. Nalugod Siya Rito, labis Siyang nalugod sa Kanyang Anak na si Jesus, na Kanyang ipinakilala Siya.

⁹⁹ Ngayon, hindi sila makapaniwalang ang sanggol na ito na isinilang doon sa silungan ng hayop sa isang pasabsaban na dayami. . . bago ang Kanyang tatay at nanay, ay dapat sana’y, kasal muna. Hindi sila makapaniwala na gagamit ang Diyos ng ganoon. Kaya ipinakilala na Siya sa sanlibutan; at nung araw na ’yun doon sa ilog, nung lumusong na dun upang patunayan ang Sarili na Siya ang Obramaestra ng Diyos (na ipinangusap ko sa inyo nitong umaga) . . . May pagtalima Siyang lumusong sa tubig. . .

¹⁰⁰ Ngayon, kung mapapansin n’yo roon, may isang dakilang aral nga roon. Si Juan ang pinakadakilang tao sa ibabaw ng lupa, nung panahon na ’yun. Sinabi ni Jesus, “Walang taong ipinanganak ng babae na kasing dakila niya,” sa panahon na ’yun. At isa siyang propeta. Naniniwala ba kayo roon? Ngayon, tandaan n’yo, kung darating nga ang Salita ng Diyos sa lupain at may gagamitin para dun, isang propeta nga ang gagamitin. Ganoon sa tuwina ang paraan ng Diyos. Nananampalataya ba kayong si Jesus ang Salita na nahayag sa laman? Kaya may isang paraan lamang upang Siya’y dumating at maipakilala; hindi nga sa pamamagitan ng mga saserdote.

101 Hindi Siya naparoon at nagsabi, “Caifas, maaari bang ikaw ang magpakilala sa Akin?” Kung ganoon ang ginawa Niya, nagawa Niya ang siyang pagkakamaling nagawa ni David sa ating aralin noong isang araw; kita n’yo, kung nagtungo nga Siya roon sa iglesya, at nagsabi, “Maaari bang kayo ang siyang magpakilala sa akin?”

102 Pansinin n’yo nga noong isinilang nga Siya, dun pa lang. Noong isinilang Siya, isinilang Siya sa anino ng iglesya. At marahil pinapatunog nila ’yung mga kampana nila’t lahat na, subalit mga tagapastol ng tupa ang nakakilala sa Kanya, at mga Pantas. Kita n’yo?

103 At heto na nga Siya ngayon, na . . . nakahanda na para sa Kanyang pagmi-ministeryo. At kung Siya talaga ang Salita . . .

104 Ayon sa dakilang plano ng Diyos, ang Salita nga’y . . . “Ang Panginoong Diyos ay walang gagawin hanggang sa Kanyang ihayag muna Ito sa Kanyang mga lingkod na mga propeta.” Ganoon lagi ang Kanyang pamamaraan, laging ganoon; noong buksan man ang mga Tatak, at sa lahat ng ibang pagkakataon. Anumang pangunahing kaganapan sa lupa, inihahayag ’yun ng Diyos sa Kanyang mga propeta.

105 At si Juan ay propeta nga, dahil nagpropropesiya siyang “Siya’y darating.”

106 At doon sa gilid ng isang burol isang araw . . . habang may diskusyunang nagaganap dun, naroon ang isang grupo ng mga saserdoteng nakatayo sa palibot. At sabi nila, “Ang ibig mo bang sabihin sa akin ay tinatawag mo ang sarili mo na isang ‘propeta,’ samantalang diyan ka sa lublubang ’yan tumatayo?” (hindi sa isang simbahan, dahil di naman nila napahintulutan siya) “Diyan ka sa lublubang ’yan tumatayo, at sasabihin sa akin na dumarating na ang oras na ang dakilang Jehovah na Siyang nagtalaga sa mga paghahaing ito, na ang dakilang Jehovah na Siyang nagtayo ng templong ito, na Siyang dumating bilang Haliging Apoy, ‘darating ang panahon na ang araw-araw na handog na susunugin ay aalisin na’?”

107 Sabi niya, “Darating nga ang isang Lalaki, at nasa gitna n’yo na Siya ngayon (sa isang dako riyan), at *Kanyang* aalisin ang kasalanan.” Nagdidiskusyunan sila nung saserdote.

108 Tumanaw si Juan! Ngayon, ano nga siya? Ang propeta! At narito na ang Salita, hayan na ngang dumarating ang Salita diretso sa propeta, papalapit sa tubig. Sinabi ni Juan, “Narito, ang Cordero ng Diyos na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan. Hayan na Siya, heto na Siya.” Hindi nagsalita ng kahit isang salita si Jesus, lumusong lang dun sa tubig. At nakikinita ko nga, nakatayo dun sa tubig (isipin n’yo na parang isinasadula), dalawa sa pinakadakilang dumating sa lupa kailanman: ang Diyos na Salita, at ang Kanyang propeta.

109 Pansinin, lumapit ang Salita sa propeta sa dispensasyon na *iyon* ng biyaya, sa tubig (uh-huh). Sa palagay ko'y nakuha n'yo 'yun (uh-huh). Sa tubig! Ang unang kapahayagan ng Salita ay sa tubig. Ngayon nakikita n'yo na ba kung saan nagsimula ang Nobya, ang Panggabing-liwanag na Mensahe? Sa tubig! Ang Salita, tunay na Salita'y hindi nahaluan ng mga kredo, bagkus dumating sa propeta sa tubig, sa pamamagitan ng tubig.

110 Pansinin! Nakikinita n'yo ba ang mga mata ng Salita at ang mga mata ng propeta na nagsalubong doon sa tubig? Oh, umaapaw na talaga ito sa akin. Narooong nakatayo ang propeta, narooong nakatayo ang Salita, na nakatingin sa mga mata ng isa't isa. At sinabi ng propeta, "Kinakailangan ko nga na ako'y Iyong bautismuhan, bakit Ikaw ang naparirito sa akin?"

111 At sabi ng Salita . . . Kinakailangan ngang matupad Ito.

Ngayon hayaan n'yong bigyan ko kayo ng pagsasadula rito:

112 "Juan, ika'y isang propeta, alam mo ang Salita." Kita n'yo? "Nakikilala mo Ako, alam mo kung Sino Ako."

113 "Kinakailangan ko na ako'y Iyong bautismuhan," sabi ni Juan.

114 Sabi ni Jesus, "Payagan mong magkagayon. Tama nga naman 'yan, kailangan mo ngang mabautismuhan Ko. Ngunit alalahanin mo, Juan, bilang isang propeta, kinakailangan sa atin, o nararapat sa atin (bilang ang Salita *at* ang propeta), na ating isakatuparan ang *bawat* Salita. Uh-huh. Hayan nga, Juan," (heto na po ang kapahayagan ngayon) "Juan, nakikilala mo kung Sino Ako, Ako ang Handog. At ayon nga sa Salita ng Diyos, kinakailangang mahugasan muna ang handog bago ito maialay bilang handog." Tama ba 'yun? Ang Salita . . . "Ang kordero'y hinuhugasan at pagkatapos iaalay bilang handog, at ako ang Cordero na 'yun. At kinakailangan Kong mahugasan bago ako maialay sa sanlibutan bilang isang handog. Payagan mong magkagayon, Juan, sapagkat ito ang nararapat sa atin bilang ang Salita at ang propeta na magkasama."

115 Buweno, hindi maaaring may anuman dun na pagkakamali. Ngayon, ang bawat isa kasi sa mga bagay na ito . . .

116 Ngayon, kita n'yo, kung di ganoon ang pagkaka posisyon dun, marahil si Juan ay parang tulad lang natin; sasabihin nila, "Oo, aking—aking nakikilala kung sino Ka, Panginoon."

117 "Buweno," sabi Niya, "sandali lang, Ako ang Salita. Uh-huh. 'Hindi sa tinapay lamang mabubuhay ang tao, kundi sa *bawat* Salita.' Initsapuwera ni Eba ang isa nun, uh-huh, subalit kailangan mo ngang tanggapin ang *bawat* Salita. At ako ang Handog na 'yun, at kinakailangan na Ako'y mahugasan bago Ako maialay. Gayong ang sinabi mo, Juan, ay totoo namang talaga."

118 Si Juan bilang isang propeta, nalalaman nga niyang ang Salita’y dapat matupad, pumayag siya dun at binautismuhan Siya. At noong iahon na Siya sa tubig, naroon nga’t dumating ang Mensahe mula sa Langit sa mga pakpak ng isang Kalapati, “Ito ang sinisinta Kong Anak.” Ipinadala Niya ang pagtutubos na Mensahe ng biyaya sa mga pakpak ng isang Kalapati, na lumilipad pababa mula sa kalangitan. “Sa lupa’y kapayapaan, sa mga tao’y kaluguran.” Handa na noon pa man ang Handog; pinalaki, pinakain, handa na ang Kanyang pagmi-ministeryo, isang Salitang tutubos sa buong sanlibutan, “Tapos na!”

119 Ang kalapati nga’y ginagamit sa Biblia bilang sagisag ng kapayapaan, at gayundin naman ito’y ginagamit ng mga bansa bilang sagisag ng kapayapaan. May mga bansa riyon... Ang ating bansa’y sinasagisag ng agila. At may kanya-kanyang ibon ang iba’t ibang bansa, sa Roma nga’y agila, sa Alemanya agila; karamihan sa mga ’yan, ay dakilang mga ibon ng himpapawid. Subalit sa lahat ng mga ’yan, ang kalapati ang sumasagisag sa kapayapaan sa lahat ng mga bansa. Iyon ang pagkakasagisag sa lahat.

120 Kagaya na lang ng sinabi ni Kapatid na Green nung isang gabi, sabi ni Kapatid na Pearry Green, “Ang nagpapahiwatig ng pagsuko ay ‘ang pagtaas ng inyong mga kamay.’ Saan mang bansa ’yan, ang pagtaas ng inyong kamay, ay pagsuko.” Sabi niya, “Kapag umaawit nga kayo, at itinataas n’yo ang inyong mga kamay, isinusuko n’yo ang lahat.”

121 At ang kalapati nga ang sagisag ng kapayapaan sa bawat bansa. Bakit kamo ganun? Dahil sa kaamuan nito, at dahil sa kainosentehan nito. Yun ang dahilan kung bakit sinasagisag nito ang kapayapaan.

122 Isa pang bagay tungkol sa kalapati, isa itong namamahay na ibon. Gustong-gusto nitong manatili sa tahanan.

123 At isa pang bagay rito, lagi itong tapat sa kapares nito. Ang kalapati, lalaki man o babae, hindi nila iniwan ang isa’t isa. Hahanapin ng babae ang kanyang kapares sa panahon ng pagpaparami. Kita n’yo, ’yan ay naaayon sa kahanga-hangang paglikha ng Diyos. Iyon ang dahilan kung bakit ginawa Niya si Eba bilang kakambal na likha mula sa orihinal na produkto. Kita n’yo? Kung ginawa siyang tulad ng iba pang mga babae, na kapag dumating na ang panahon para sa pagpaparami niya, hahanapin niya ang kanyang kapares; subalit kahit kailan ay maaari naman niya itong gawin. Kita n’yo? At ganoon kasi ’yun, ganoon talaga. Akin nga sanang... Siguro’y di muna tayo dadako riyon, dahil madadaan ko naman ’yan sa *Pagkakasal At Paghihiwalay*, at pati ’yung iba pa. At kung paano ’yun... Subalit siya nga’y may dangal at taglay-taglay ang magandang katangiang ’yun, at nalaman n’yo na ’yan dun sa ipinangaral

ko nung isang gabi. Sige, pansinin n'yo, may malaki nga siyang responsibilidad.

124 Pero laging tapat nga ang kalapati sa kapares niya. Lagi! Hindi siya nang-iiwan.

125 At siguro'y hihinto muna ako rito pansumandali, upang sabihin ito: ang isang tunay na Nobya, babaing kalapati, ay tapat nga rin sa kanyang Kapares, din. Hindi ito magpapasok ng anumang mga dogma, anumang maka-denominasyong mga doktrina, anumang bagay sa sanlibutan. Mananatili itong tapat sa kanyang Kapares, sa Salita; laging tapat.

126 At dahil nga sa kanyang ugaling namamahay, sa ugali nitong hinahanap lagi ang kanyang bahay, matagumpay itong ginagamit bilang kalapating tagapagdala ng mensahe. Dahil gustong-gusto nitong makauwi sa tahanan, kapag pakakawalan mo ito saanman 'yan, babalik at babalik ito sa tahanan niya sa tuwina. Babalik nga Ito sa tahanan niya.

127 Nais nating bigyan-diin ang tungkol diyan sa ilang sandali, at kayo bilang mga Cristiano nauunawaan n'yo naman ang ibig kong sabihin. Palagi nga nitong natutunton ang daan pauwi, kaya naman nagagamit ito bilang kalapating tagapagdala ng mensahe. Ginamit nga ito noong panahon ng digmaan, noong araw; ginagamit pa rin naman sila mapasa hanggang ngayon, itong mga kalapating tagapagdala ng mensahe para maghatid ng mensahe. Kaya nakikita n'yo na ngayon, ang kalapati nga'y, kapwa nagagamit ng Diyos at ng tao, bilang isang mensahero; ang kalapati'y isang mensahero. Naging mensahero ito noon kay Noe, upang sabihin kay Noe na "may kapayapaan na uli." Ginamit din ito ng Diyos upang pagtibayin na hayan na nga ang Kanyang Anak, "ang Handog na magdadala sa lupa ng kapayapaan at sa mga tao ng kaluguran." Ginamit nga ito bilang mensahero.

128 Mangyaring may isang maikling kuwento akong naiisip ngayon, na nabasa ko minsan mula sa isang aklat. Ngayon, ayaw kong sabihing sa aklat na ito 'yun talaga galing, dito sa *The Decline of the First World War*. Hindi kasi ako siguradong dun nga; kung matignan n'yo at wala naman dun, ibig sabihin mali ako. Nabasa ko nga 'yun sa isang aklat. . . maraming taon na rin kasi ang nakalipas. Subalit 'yun nga'y isa ngang—isa ngang. . . isa—isa talagang nakakaantig na bagay na nangyari.

129 Napapaligiran na noon ang mga Amerikanong sundalo ng pagratatat ng machine-gun ng mga Aleman, at sila'y nasa para bang isang hukay. Sa mga sundalo rito, sa palagay ko, alam n'yo 'yung pakiramdam ng masasabak ka dun sa pagtataya ng puwersa ng kalaban sa isang dako. At mangyaring nasukol na sila, at kakaunti na lamang ang natitira nilang bala. At 'yung mga Aleman ay umuusad na malaki ang bilang, dumadagsa sa lahat ng dako. At alam nung mga sundalo roon na maliban na

makakuha sila ng karagdagang tropa, karagdagang saklolo, ay mamamatay silang lahat di kalaunan; (kailangang may gawin) dumadagsa na 'yung mga Alemang nanggagaling sa bundok, tumututok na mismo sa kanilang kinalalagyan, tinutumbok na sila mismo dun.

¹³⁰ At mangyaring naalala nung isa sa kanila na may dala-dala siyang munting hayop na kasa-kasama nila lagi, isang munting kalapati. Alam nga niyang ang munting kalapating 'yun, kung mapapakawalan niya 'yun, magdadala 'yun ng mensahe sa pinaka punong-himpilan kung saan sila nakahimpil. At kaya nagkumpul-kumpul sila't sumulat ng isang sulat, "Nasusukol kami sa *ganitong* posisyon sa *ganitong* lugar. Naubusan na kami ng bala, sa loob ng ilang oras ay maaaring sumuko kami o papatayin na kami." At ikinabit nila 'yun, o itinali 'yun sa—sa paa nung munting kalapati at pinakawalan siya.

¹³¹ Ngayon, isa nga siyang ibon na nagbabalik lagi sa kanyang bahay, kaya naman siya . . . anong ginawa niya? Lumipad siya pabalik sa tahanan para sa kanyang . . . katagpuin, hanapin ang kanyang kapares. Nag-aalala na 'yung kapares niya sa kanya, kinakailangan na niyang umuwi.

¹³² At nung paglipad niya paitaas, nakita nung mga Aleman na ganoon ang nangyari. Kaya ang ginawa nila, sinimulan nilang pagbabarilin 'yung kalapati. At tinamaan siya ng isa sa kanila ng kalibre .30 na machine gun, o bala, nabali nun ang kanyang paa. Isa na namang bala ang humapak ng malaking bahagi ng likod niya. Gumuhit 'yung tama sa dibdib niya nang dulo sa dulo. Napilay 'yung isa niyang pakpak, 'yung dugtungan nun ay tinamaan, at patagilid na tuloy siyang lumipad. Subalit pinilit pa rin niyang pumailanlang, at sa wakas nakarating din siya. Pilay, sugatan, bali, bugbog, subalit bumagsak siya dun sa kampo dala-dala ang mensahe. Isa nga 'yung kahanga-hangang kalapati.

¹³³ Ngunit, oh, kapatid, sinasabi sa atin ng Isaias 53 na may Isa, na nanaog mula sa Tahanan at sa lahat ng mabuti.

At siya'y nasugatan dahil sa ating mga pagsalansang, siya'y nabugbog dahil sa ating kasamaan: ang parusa ng tungkol sa ating kapayapaan ay nasa kaniya; at sa pamamagitan ng kaniyang mga latay ay nagsigaling tayo.

¹³⁴ Sakit, sariling kaisipan, at mga diyablo haya't nasukol tayo ng mga 'yan, walang paraan para makalabas, napunta na sa pagkalahis ang iglesya, napunta na sila sa mga bagay na makadenominasyon (itong mga Fariseo, Saduceo, at paghuhugas ng mga kawa't mga palayok), at nawalan tuloy ng saysay dun ang Salita ng Diyos. Subalit ang munting Kalapating ito'y bumaba, at may nag-iisang bagay na lang na nakaamba nang mangyari: nararapat lang na dumating na ang manunubos.

135 Gayong nasugatan, nabalian, hinampas, nahapak, sa kabila n'yan alam Niya ang Kanyang daan pauwi ng Tahanan. Kaya mula dun sa krus ng Kalbaryo kung saan Siya'y binugbog nila, Siya'y hinambalos, Siya'y sinugatang mainam, na para silang kawan ng mga lobo na nagsidaluhong sa Kanya, lumipad Siya mula sa Kalbaryo at lumapag Siya sa mga pintuan ng Langit, na nagsasabi, "Naganap na! Naganap na! Malaya na sila! Karamdama'y mapapagaling na ngayon! Mga makasalana'y maliligtas na! Mga bihag ay mapapalaya na!"

136 Bagama't Siya'y nabugbog at nasugatan, doon sa matinding labanan na 'yun na mistula ngang ang lahat ng bagay ay laban sa Kanya. . . Maging 'yung makata nga'y humibik:

Mga bato'y nahati't nagdilim ang mga langit,
 Tagapagligtas ko'y ulo Niya'y inilaylay at
 namatay;
 Subalit ang tabing na nabuksan ipinakita nito
 ang daan
 Patungo sa kagalakan ng Kalangitan at araw
 na wala na ngang kawakasan.

137 Naging nerbiyoso ako buong buhay ko. Nung maliit na bata nga ako'y may kung anong bagay na biglang dumating sa akin, na nahintakutan ako, at kada pitong taon ay nangyayari 'yun sa akin. Naaalala pa ni Kapatid na Jack nung nagpapasimula pa lang ako noon, humahayo-hayo nga ako noon sa labas nang may isang taon din; tapos biglang nangyari ang bagay na 'yun.

138 Naaalala ko 'yung araw nung si Juanita Hemphill. . . sa pagkakaalam ko'y Juanita Kelly na ang pangalan niya ngayon, ikinasal siya kay Kapatid na Kelly nung pumanaw ang asawa niyang lalaki. Si Anna Jeanne, may mga litrato pa nga nila ako at mga ganung bagay, talaga namang sila'y. . . At siya'y. . . At silang dalawang babae at si Kapatid na babaing Moore ay may—may munting trio noon. Inawit nila noon 'yung awiting 'yun na di ko makakalimutan: *Looking Beyond The Sunset*. Kapatid na Jack, naaalala mo, sa palagay ko, pagkatapos nung gawain sa Florida. Magagaling na mga mumunting kabataang babae.

139 At naaalala ko nga 'yung umagang 'yun sa harap ng isang maliit na grupong Pentecostal na nanggaling pa sa hilagang bahagi ng bansa, dito sa bandang Michigan, tumayo 'yung mga kabataang babaing 'yun dun nung si Kapatid na Hooper. . . nakita ko nga siya rito nung isang gabi, siguro. . . baka wala na siya rito ngayon, si Kapatid na Ed Hooper. Nandito ka pa rin ba Kapatid na Ed? Sa palagay ko'y wala na siya. . . Naupo siya rito nung isang gabi. Wala po ba. . . Marami siguro sa inyo ang nakakakilala sa kanya. Siya at ako, at si Kapatid na Hooley, papaalis na kami noon. At 'yung mga kabataang babae nga'y nakatayo sa sulok at inaawit 'yun, sabay abot sa amin, bawat isa sa amin, ng tig-iisang dilaw na rosas na inalis nila sa buhok

nila. (Sa dako nga ring 'yun gumaling 'yung mamang inaalihan noon, maraming kamangha-manghang bagay ang nangyari.)

¹⁴⁰ Habang nasa daan na kami't galak na galak, bigla-bigla na lang 'yung dumating sa akin; pagkaraan ng isang taon bago ako bumalik uli sa paghayo sa labas, halos ikamatay ko talaga.

¹⁴¹ Munting bata pa nga lang ako noon, gaya ng lagi ko nang sinasabi na hindi ko talaga alam kung ano ang pangitain. Dahil munting bata pa nga, palagi ko na lang sinasabi, "Kung—kung mawalan uli ako ng malay, at kung anu-ano ang makita ko, di bale bumubuti naman ang kalagayan ko pagkatapos." Nung panahong 'yun. . . gustong-gusto ko na talagang magpunta sa Mayo's para malaman kung ano ba talaga ang problema. Yung mga doktor dun. . .

¹⁴² Mangangasim ang sikmura ko; at oh, naku! Inaalalayan na lang ako ni Kapatid na Jack sa loob ng bahay. Maglalakad ako sa palibot ng bahay; tapos may mainit na malangis na tubig, ang maisusuka ko galing sa bibig ko. At pupunta na ako dun sa pulpito, at mananalangin para sa mga tao roon na dobleng mas malala ang karamdaman, at gumagaling nga sila. Ipinatong ko 'yung mga kamay ko sa isa roong may kanser sa mukha niya, at nilisan nung kanser ang mukha niya, habang nakatayo pa lang siya dun; at talagang masama ang pakiramdam ko noon na di na ako makatayo.

¹⁴³ At hindi n'yo lubos maiisip 'yung hirap na dinanas ko; talagang mabigat sa isipan. Dumarating 'yun kada pitong taon, sa buong buhay ko. Nariyan nga uli ako ngayon, pitong walo na bale.

¹⁴⁴ Kaya naman ako'y—ako'y ligalig na ligalig talaga; umiyak ako, nakiusap ako, nagsumamo ako.

¹⁴⁵ At naalala ko nung makapag-desisyon na ako't may sapat nang pambayad para makapunta sa Mayo's para masuri; sabi nila, "Mahahanap nila 'yung problema sa iyo." Ang maybahay ko't ako, at si Becky diyen sa likod. . . Si Sarah ay munti't, maliit na bata pa lang noon. Nagpapasimula pa lang ako noon sa pagmi-ministeryo ko sa pagpapagaling. At nagpunta na nga kami sa Mayo's.

¹⁴⁶ Pumasok ako sa klinika. At nung gabi bago ako isalang. . . sa pinakahuling pagsusuri sa akin para sa susunod na umaga, bigla akong nagising at naupo ako roon sa highaan na palingalinga sa paligid. At tumingin ako sa harapan ko, at may isang munting batang lalaking sumulpot, parang kamukha ko, nasa pitong taong gulang; at pinagmasdan ko 'yun, at ako nga *talaga* 'yun. At nakatayo 'yung bata sa tabi ng isang matandang puno na nakahambalang. At sa punong kahoy na 'yun. . .

¹⁴⁷ Alam ng kahit sino riyen na namamaril ng squirrel na kung ikikiskis mo ang isang patpat taas-baba sa isang punongkahoy

nang paganoon, ay matatakot nga ang squirrel dahil dun at lalabas siya kung nasa loob siya ng butas nung puno.

148 At tinitingnan ko roon kung saan sumuot 'yung squirrel, at naisip ko, "Ano kayang klaseng squirrel 'yun?" at kiniskis ko raw 'yung puno. At nung nakiskis ko na, tumingin ako't ako na raw sa edad tatlumpu't walo ang naroon, naglaho na raw 'yung munting batang lalaki. Tapos ikiniskis ko raw dun 'yung sanga, at mula dun sa butas nung troso, kahoy, ay lumabas ang isang maliit na squirrel na mga *ganoon* kahaba, maitim, halos itim ang kulay, at parang may maliliit na kuryenteng sumasagitsit mula sa kanya; maliit ang mumingting mata na parang butones, 'yun na ang pinaka nakakatakot na bagay na nakita ko kahit kailan, mas mukha pa nga 'yung musang kaysa squirrel.

149 At tumingin 'yun sa akin. At ibinuka ko ang bibig ko para magsalita, "Buweno. . ." At pagkabuka na pagkabuka ko, siya nga'y. . . Bago ka pa makakurap ng mata, nakalipad na siya sa bibig ko, dire-diretso sa tiyan ko, at talagang halos mabiyak ako. At habang humihiwalay na ako sa pangitain, nakataas noon 'yung mga kamay ko, nakatingin, napasigaw talaga ako, "Oh Diyos, mahabag ka! Ikamamatay ko na ito!"

150 May narinig akong Tinig dun sa silid, ang sabi, "Tandaan mo, anim na pulgada lang ang haba nito."

151 Ilan na rito ang nakarinig nung kuwentong 'yun? Maraming beses ko nang naukuwento ito sa inyo noon, na mga dumadalo rito sa tabernakulo.

152 Buweno, nagtuluy-tuloy pa rin 'yun, nandun pa rin 'yung paghihirap ko.

153 Yung Mayo Brothers, nung sumunod na araw, sinuri nila ako. Sabi, "Ang iyong tatay ay Irlandes, manginginom siya. Ang iyong nanay naman kalahating Indian, kaya kala-kalahati ang lahi mo. Kaya naman ika'y. . . ika'y—ika'y—ika'y naging ganyan na talagang nerbiyoso at di na 'yan mawawala pa sa iyo." Sabi, "Liban dun, malusog ka. Yan kasi'y, isang bagay na nasa kaluluwa na hindi kayang kumontrolin ng tao." Sabi, "Ikaw nga'y. . ." Sabi, "Kapag mamamatay nga ang isang tao, hindi puwedeng gawan 'yun ng awtopsiya, dahil wala na dun 'yung kaluluwa niya." Sabi pa, "Buweno, talagang hindi na 'yan mawawala sa iyo."

154 At sabi nung lalaking 'yun, nung dati kong doktor, sabi, "May ganyan din ang ama ko, namatay siya ng edad walumpu't lima, siyamnapu," nasa mga ganoong edad daw, sabi niya. At sabi, "Isang buwan o dalawa bago siya namatay, sinuri ko siya; nasa kanya na 'yun buong buhay niya, talagang mayroon siya nun" sabi, "sumpong."

155 "May mga tao," sabi, "kapag mayroon sila nun, nagiging magagalitin sila"; sabi, "iyong ganung klase ang puwede mong ikamatay." Sabi niya, "Mayroon naman, gaya nung sa mga babae

na menopause na, umiiyak na lang. Mayroon ka dun sa loob mo na para bang lungkot na lungkot ang pakiramdam mo.” Sabi, “Ang tawag ng matatanda dun ‘namamanglaw,’ hindi ‘yun basta-basta matatanggal sa kanila.” Sabi, “Kapag susumpungin ka nga nun, mangangasim ang tiyan mo; talagang ligalig na ligalig ang pakiramdam mo.”

¹⁵⁶ Sabi ko, “Pero, ginoo, wala naman akong ginagawa.” Sabi ko, “Masaya pa nga ako.”

¹⁵⁷ Sabi, “Ganoon talaga. Bigla-bigla na lang ‘yang susulpot.” Sabi, “Lagi na ‘yang nasa iyo.” Oh, nakapanghihina talaga ng loob!

¹⁵⁸ Ngunit ‘yung mga salitang ‘yun, naiisip ko, “Tandaan mo, anim na pulgada lang ang haba nito,” nanatili ‘yung salita na ‘yun sa akin, gaya ng maikukuwento sa inyo ng minamahal kong asawa ryan. Taon-taon, iniisip ko nang iniisip ‘yun.

¹⁵⁹ At pagkatapos, nung nangibayong-dagat kami nitong huli lang, ako nga’y . . . nung panahon na ‘yun. Buweno, nakabalik na ako noon sa amin, at nasa lakad ako noon para mangaso ng squirrel. Lumundag ako palabas ng kotse kasama si Kapatid na Banks Wood, na nakikinig ngayong gabi, at nagsimula na akong tumakbo paakyat nung burol, at para bang lumulukso-lukso ‘yung puso ko na parang gustong lumabas.

¹⁶⁰ At tinanong ko si Dr. Sam Adair, sabi ko, “Ano kayang dahilan nun?”

¹⁶¹ Sabi niya, “Sa uulitin na maramdaman mo ‘yun, ipatingin mo sa cardiogram.”

¹⁶² Sabi, “Sige.”

¹⁶³ Kaya ‘yun na nga’t nagkaganoon uli nung—nung sumunod na taon, at nagpunta na ako’t ipinatingin ko na sa cardiogram. Sabi niya, “Wala namang problema sa puso mo,” sabi, “ika’y sinusumpung lang ng nerbiyos.” Pagkatapos biglang dumalas na ‘yun.

¹⁶⁴ Buweno, may isa pang doktor ang nagsabi sa akin, isang mabuting kaibigan ko, sabi “Puso mo ‘yun, iho,” sabi, “kaya dapat maingat ka.” Yun ‘yung taon na tinawagan ko si Kapatid na Moore at kumuha siya ng hahalili sa akin na mangangaral, nung nagtungo rin ako noon para mangaso kasama si Kapatid na Fred. Inaakyat ko nga nun ‘yung tuktok ng kabundukan na parang ginagawa ko nung labing-anim na taong gulang pa lang ako, milya-milya, patakbo-takbo; parang wala lang naman sa akin ‘yun. Kita n’yo?

¹⁶⁵ Bumalik ako’t nabanggit kay Sam. Sabi niya, “Buweno, may problema talaga, dapat na maging maingat ka.”

¹⁶⁶ Pagkatapos nakakita ako ng pangitain na may matandang doktor daw na nakatayo at may ano raw . . . makaluma ‘yung istilo nung doktor na may mga stethoscope sa kanyang braso.

Sabi niya. . . Nakatayo siya sa harapan ko nung araw na 'yun, sabi niya, "Huwag mong hahayaan lang na sabihin nila sa iyo na 'puso mo 'yun,' ang tiyan mo kasi 'yun."

¹⁶⁷ Kaya, naisip ko—naisip ko, "Buweno, paniniwalaan ko 'yung salitang 'yun, 'pagkat isang pangitain 'yun. Dinatnan ako nun."

¹⁶⁸ Papunta na ako noon ng Aprika; nagpa-iniksyon ako. Kailangan ko kasing magpa-iniksyon bago sumadya ng Aprika, batas kasi 'yun doon. Kaya, noong nagpapa-iniksyon na ako ang sabi niya, "Aba, wala naman akong nakikitang problema sa iyo." Sabi, "Ang hemoglobin mo, 'yung dugo mo'y nobenta y sais, nobenta y sais." Sabi, "Kung labing-anim na taong gulang ka nga, wala nang—wala nang ibubuti ang lagay mo kasi 'yan na ang pinaka mabuti." At sabi, "Di ka basta-basta babagsak nang sandaang taon. Baga, lahat," sabi, "mabuti ang lagay mo; walang asukal, wala nga."

¹⁶⁹ Sabi ko, "Salamat." Tapos sumailalim ako sa pisikal na pagsusuri, at—at kailangan ko kasing dalhin ang sertipiko ng aking—aking kalusugan sa lupon.

¹⁷⁰ Tapos, sabi niya, "May alam ka ba tungkol diyan?"

¹⁷¹ Sabi ko, "Wala kundi 'yung madalas na pangangasim lang ng tiyan ko."

¹⁷² Sabi niya, "Buweno, sasabihin ko sa iyo." Sabi niya. . .

¹⁷³ Sabi ko, "Oh, pero nasuri na ako. Nanggaling na nga ako sa Mayo Brothers, at sa lahat ng dako."

¹⁷⁴ Sabi niya, "Pero sandali lang." Sabi niya, "Kung minsan kasi napakaliit ng isang ulcer na di tuloy ito naipapakita nung ipinalunok sa iyo 'yung barium para masuri ka; at kung minsan masyado naman itong malaki para maipakita ito, dahil anino lang din ang ipinapakita ng x-ray. At kapag sobrang liit talaga nung ulcer, hindi mo talaga ito makikita, hindi 'yun mamarka dun masyado. Pero puwede kung maraming maliliit na ganun." Sabi niya, "May kilala akong isang matandang doktor dito na may instrumento, ganun na ang ginagamit-gamit nila ngayon; patutulugin ka muna gamit ang kaunting sodium pentothal, tapos magsusuot sila ng tubo sa lalamunan mo, at madali na nilang makikita kung anong nasa tiyan mo at makikita kung anong problema." Sabi, "Siya. . ." Sabi, "Siya'y katulad mo, Cristiano siya." Sabi, "Bakit hindi ka pumunta't makipagkita sa kanya."

¹⁷⁵ Kinuha ko ang pangalan niya: Dr. Van Ravensworth. Kaya, nung magpapatingin uli ako, dun sa matandang doktor na 'yun ako nagpunta para makipagkita. Oh, isa nga siyang mabuting matandang lalaki mula sa Dutch East Indies, galing sa isang malaking hanay ng mga misyonero. At narinig na niya ang tungkol sa akin at nakapagbasa na ng aklat ko, at oh, talagang kinamayan niya akong maigi, sabi niya, "Kapatid na Branham,

ikinagagalak kong gawin 'yun para sa iyo." Sabi niya, "Sige sasabihin ko sa iyo kung ano ang gagawin mo; sa susunod na linggo'y magpunta ka sa ospital sa dako rito," ang sabi, "at tawagan mo muna ako bago ka pumunta." At sabi, "Tuturuan muna kita ng kaunting pentothal." At sabi, "Pagkatapos kong maturukan ka," sabi, "makakatulog ka dahil dun nang limang minuto."

¹⁷⁶ Yung munting anak kong babae'y nasubukan na niyang maturukan ng ganun nung bunutan siya ng ngipin, at maging 'yung maliit na anak na babae ni Kapatid na Norman. "Yung limang minutong tulog," naisip ko, "hindi na masama 'yun." Kaya, naisip kong ikatutuwa ko pang, masubukan 'yun.

¹⁷⁷ At kaya nung sumunod na umaga, bumangon ako sa highaan at nagmasid-masid sa paligid, tumingin ako sa pandalawahang highang naroon; nakahiga pa roon ang asawa ko, hindi pa siya bumabangon. At dumungaw ako sa may bintana sa kahanga-hangang Catalina Mountains doon kung saan ako nakatira, at tumingin ako roon sa itaas nun kung saan inilagay ng Anghel ng Panginoon ang Tabak sa aking kamay, kung saan nagpakita ang pitong Anghel na makikita n'yo sa larawan, naganap 'yung dakilang mga bagay na 'yun.

¹⁷⁸ At tumingin ako, at nung pagtingin ko, naroon daw uli ako na nakatayo sa tabi ng punongkahoy, kung saan naroon 'yung squirrel. Tumingin ako roon, naisip ko, "Yun nga 'yung lungga nung squirrel." At naisip ko raw, "Nandun pa rin kaya siya?" sa pangitain po rin ito. Kinalaykay ko raw 'yung tagiliran nung puno, bigla siyang lumabas. At bago ko pa maikurap ang mata ko. . . Yung squirrel ngang 'yun ang pinaka kakaibang itsurang ganun na nakita ko kailanman; ngayon, kinakailangan ngang alam n'yo ang pagmi-ministryo ko para malaman n'yo 'yung mga simbolo nun at iba't ibang bagay. Lumundag siya sa akin pero hindi niya ako naabot; hindi niya naabot 'yung bibig ko, tumama lang siya sa dibdib ko't nahulog.

¹⁷⁹ At pagkahulog niya, may narinig akong kung anong Bagay na ang sabi, "Pumaroon ka sa Catalina Mountains."

¹⁸⁰ Kaya bumaling ako, sabi ko, "Meda, gising ka na ba, Honey?" At ginising ko siya.

¹⁸¹ Sabi niya, "Anong meron?" Halos alas singko pa lang nun ng umaga.

¹⁸² Sabi ko, "Dumudungaw-dungaw ako roon, at nakita ko na naman 'yung squirrel na 'yun, Honey."

¹⁸³ "Anong squirrel?"

¹⁸⁴ Sabi ko, "Yung nakita ko roon sa Mayo's." Sabi ko, "Alam mo ba? Di niya naabot 'yung bibig ko ngayon, hindi niya ako natamaan, nahulog lang siya sa dibdib ko." Sabi ko, "Purihin ang Diyos! Tumingin ako, oh, mula nung munting bata pa lang

ako, inaasam ko nang makita na ganun ang mangyari. Na kung makita ko lang na ganun ang mangyari, kahit wala pa . . . Bago ko pa malaman kung ano 'yung pangitain, kung makita ko lang na ganun ang mangyari, na kung ganun nga sabi ko, 'Magiging maayos ang lagay ko. Anuman kasi ang ipahiwatig nun sa akin, magkaka ganoon talaga ako.' At sa loob ng apatnapung taon ay inasam ko 'yun, at hayan na nga't nangyari 'yun."

¹⁸⁵ Bago 'yun, nung nasa Mayo's ako, nung oras din na 'yun na nandun ako nung ibigay nila sa akin 'yung mensaheng 'yun, at nakita ko nga ang pangitaing 'yun . . .

¹⁸⁶ Ang aking nanay na yumao na sa Kaluwalhatian, isa ngang kakakaibang babae. Nasa tatlo o mga apat na panaginip ang napanaginipan niya sa buong buhay niya, at nagkakatotoo lagi ang mga 'yun. Ikukuwento niya 'yun sa akin, at 'yun nga'y . . . Sisimulan niyang ikuwento sa akin, tapos sasabihin ko . . . ang sasabihin ko, "Thinto mo lang diyan . . . Nanay, sasaysayin ko sa iyo kung ano pang nangyari diyan." Kita n'yo?

¹⁸⁷ Dahil palagi nga 'yan na kapag bibigyan n'yo ako ng isang panaginip na ipapaliwanag ko, hindi n'yo laging naisasaysay sa akin nang eksakto kung ano talaga 'yun. Ang nangyayari nga'y kapag ako mismo makikita ko 'yun, makikita ko nang eksakto kung tungkol saan 'yung napanaginipan n'yo, sa ganun nga'y sasabihin Niya sa akin kung ano talaga 'yun. Kita n'yo? Hindi n'yo na kailangang isaysay pa sa akin kung ano 'yung buong panaginip, ipinapakita Niya kasi Mismo ang panaginip sa akin. Kita n'yo? At kapag nakita ko na 'yun, sasabihin ko, "Buweno, hindi mo nabanggit sa akin 'yung *ganito* at nabanggit sa akin 'yung *ganoon*." Kita n'yo? At kaya naman ang Diyos na may kakayahang magpaliwanag ng panaginip, ay may kakayahang magpakita ng panaginip; may kakayahan Siyang magpakita ng ganun, may kakayahan din Siyang magpaliwanag nun. At kaya naman . . .

¹⁸⁸ Buweno, hindi ba't may ganoon ding pangyayari sa Biblia, sabi, "Kung iyong . . ."? Ako—ako . . . Bigla ngang pumasok ito sa isip ko. Si Daniel, hindi po ba? Hindi, si Joseph—si Joseph. Buweno, nasa Biblia nga ito. Bigla ko lang naalala, sabi, "Kung maipapakita mo sa akin . . . Kung masasabi mo sa akin kung ano 'yung . . ." Oh, si Haring Nabucodonosor po pala, siyanga. Sabi, "Kung iyong . . . Kung hindi mo . . ."

¹⁸⁹ Sabi nga dun ng mga salamangkero, "Saysayin mo sa akin ang panaginip."

¹⁹⁰ Sabi niya, "Nawala na ito sa akin." Siyanga, 'yun pala 'yun, naalala ko na; naalala ko na ngayon.

¹⁹¹ Ngayon pansinin. At si Nanay, sabi niya, "Billy," pagbalik ko dun, sabi niya, "pumarito ka, anak, at maupo." Sabi niya, "Nagkaroon ako ng kakaibang panaginip. Napanaginipan kong nakita kitang nakaratay sa sakit, malapit ka nang mamatay, na

ang dahilan nga'y 'yung tiyan mo uli." Marami na nga siyang nailuto na pangremedyo sa akin! At sabi niya, "Nagtatayo ka raw ng isang bahay sa ibabaw ng isang burol." At sabi, "May nakita rin akong anim na puting kalapati na bumababa mula sa langit, na humuhuni, na nakapormang 'S' at lumapag sila sa iyong dibdib. At nakatingin ka raw, at 'yung isang nasa harap mo'y parang may gustong sabihin sa iyo." Sabi, "Nangingintab sila, na puting, mga kalapati. At pinagsasandal raw nila 'yung maliit nilang mga ulo sa iyong pisngi, at humuni-huni, 'siyap, siyap, siyap.'" Tapos sabi, "Hindi ko maintindihan 'yun." Sabi, "Patuloy lang silang humuhuni, 'siyap, siyap, siyap.'"

¹⁹² Sabi ko, "Oh, nakikita ko na, purihin ang Panginoon!" At sabi, "Nagporma uli sila ng letrang 'S' at bumalik na pataas sa himpapawid, nagsisihuni ng 'siyap, siyap, siyap, siyap,' pauwi na sa tahanan nila."

¹⁹³ Buweno, ang munting hayop na 'yun na nakita ko'y anim na pulgada ang haba. Ang grupo ng mga kalapating nakita ni Nanay ay anim ang bilang, ang bilang na anim ay di kumpleto. Alam kong makikita ko yaong ikapito balang araw. Iyon nga'y tao, pagdurusa; at tuluy-tuloy nga 'yun.

¹⁹⁴ Nung umagang 'yun, bumangon ako pagkatapos na makita ang pangitaing ito; sinunod ko ang Panginoon. Hinatid ko ang munting anak kong lalaki, si Joseph, sa paaralan. Kanya nga akong napapakinggan ngayon, sa Tucson. Hinatid ko siya sa paaralan, at sinabi ko kay Meda na hindi ko alam kung kailan ako makakabalik.

¹⁹⁵ At bumiyahen na ako patungong Catalina, paakyat dun sa—sa mabababang burol doon, at—at umakyat sa dako kung saan inilagay ng Anghel ng Panginoon ang Tabak sa kamay ko. Ang aga-aga pa noon; at sinimulan ko nang akyatin 'yung bundok.

¹⁹⁶ Buweno, sa halip na umakyat dun sa mga tuktok sa gawing *ito* (na napakaraming ahas, mga alakdan, alam n'yo naman dun sa Arizona), lumiko ako sa kanan ko; May nagsabi, "Lumiko ka sa kanan mo." Ang haba ng dinaanan ko para marating 'yung mga tuktok; umikot ako, at inikutan ko 'yung naglalalaking mga batang naroon, na makailang beses na mas malaki kaysa sa tabernakulo rito, na naroon sa pinaka tuktok dun na hindi na masyadong napupuntahan ng tao.

¹⁹⁷ At nung bandang alas onse na, binabagtas ko roon 'yung isang makitid na dawagan, dun sa parang... maliit na lugar lang dun na *nakapaganito* sa isang maliit na daanan ng usa. At nakahubad ang kamiseta ko noon, ang sumbrero ko'y hawak ko sa kamay ko, dahil talagang dagnas pawis ako. At mangyaring lumiko ako roon, at nung pagliko ko sa makitid na dawagan dun, nadama ko ang presensya ng Panginoon. Nabitiwan ko 'yung sumbrero ko at nagpalinga-linga sa paligid. Naisip ko, "Narito Siya kung saan. Alam kong narito Siya." Naisip ko,

“Ano kayang mayroon?” Humakbang pa ako ng ilang hakbang. Sabi ko, “Panginoon, narito Ka kung saan.”

¹⁹⁸ At tumingin ako’t nandun sa daan, at nakahandusay roon ’yung maliit na squirrel na ’yun; may nilulundagan siya at di siya umabot, at tumama tuloy dun sa kumpol ng cholla roon (dun sa lumuluksong cactus nga). Tumusok ’yun sa kanyang ulo, dibdib, tiyan, at patay na nga siya. Yung munting squirrel na ngang ’yun na kakaiba ang itsura, hindi niya naabot ’yung bibig ko at tumama tuloy sa cholla roon. At ang sabi ng Tinig ng Panginoon, “Ang kaaway mo’y patay na.” Tumayo ako roon, at nangingin ako. Itinaas ko ’yung paa ko’t inapak- . . .

¹⁹⁹ Kadalasan ay kinakain na agad ’yun ng mga uwak. May napatay nga akong ahas, mga ilang araw pagkatapos nun, kalahating oras lang ’yung nakahandusay sa daan. May mga agila kasi at uwak na palipad-lipad dun sa tuwina, at kanila ngang dinadagit agad ’yun. May napatay nga ako roong coral snake, ’yun ang pinaka mapanganib na ahas na mayroon tayo; nakahandusay lang dun sa tabi ko, mga ilang araw pagkatapos nun. Pabalik na ako para pulutin ’yun upang may maipakita ako, pero nakuha na pala ’yun ng mga uwak, padaan-daan lang kasi dun ’yung mga uwak.

²⁰⁰ At ’yun nga’y nakahandusay lang dun mula nung makita ko ’yung pangitain, dalawang araw ang lumipas; sa palagay ko Sabado ’yun, at nagpunta ako roon ng Lunes. Kaya nandun nga siya, nakahandusay dun na patay na. Inapak-apakan ko ’yun ng paa ko.

²⁰¹ Bumaling ako’t, naupong muli; naupo ako roon at umiyak pansumandali, at nanalangin; nakatunghay sa Tucson, milya-milya ang layo sa ibaba ko.

²⁰² Bumalik ako’t binalikan ’yun, nandun pa rin ’yun. Nung pumasok ako dun sa makitid na dawagan ay dumating muli sa akin ang Espiritu ng Diyos.

²⁰³ Umikot uli ako roon, bumaba na nang bundok. Umuwi na’t sinabi ko sa maybahay ko, sabi ko, “Honey, hindi ko alam kung papaano, pero malalampasan ko ito.”

²⁰⁴ Si Dr. Ravensworth, nung sinuri na niya ako, sabi niya, “Talagang imposible na para sa iyo ang gumaling.” Tinurukan niya ako ng pentothal na limang minuto lang sana ang tagal, at nakatulong naman ako ng sampung oras. Yung mga ganoon kasi, kahit nga aspirin lang ay tulog na agad ako. Kaya kanilang. . . Tinurukan na niya ako, tapos isinuot ’yung tubo pababa dun sa lalamunan ko. Nung magising na ako, kanya ngang sinabi sa akin nung umaga na, sabi niya, “Reverend, ayaw ko sanang sabihin ito sa iyo, pero” sabi, “maging ’yung pinaka interyor ng tiyan mo’y nanigas na nang husto, natuyo na ’yun.” Hindi ko pa natitingnan kung anong ibig sabihin nun; ginamit niya kasi ’yung terminong *gastritis*, at kaya naman tiningnan ko ’yun sa

diksiyunaryo at sabi dun, “isang bagay na natuyo na.” At sabi, “Hindi mo na malalampasan ’yun.” Sabi niya, “Nasa sa iyo na ’yan lagi.” At ako nga’y magiging lalaking napanghinaan ng loob sana kung hindi lang dahil sa pangitain ng Panginoon.

²⁰⁵ At noong sumunod na araw may kung anong Bagay na nagsabi, “Bumalik ka sa bundok.”

²⁰⁶ At nung araw na ’yun sa halip na magtungo sa isang daan, napangunahan akong pumunta sa ibang daan. At nakatayo ako roon; at nakatunghay, naroon sa harapan ko, at naroon yaong ikapitong munting, puting kalapati, nakatingin mismo sa akin. Kinuskos ko ang mga mata ko, ang sabi ko, “Sigurado ako, isa itong pangitain; sigurado, pangitain nga.” Tumingin ako, at sabi ko, “Munting kalapati, saan ka nagmula?” Talaga namang napaka ganda at kay puti, isang ibong paloma marahil; kung anuman ’yun, sa dakong ’yun ng ilang.

²⁰⁷ Ang Diyos na Makapangyarihan sa lahat, na Siyang bumuhay kay Jesus Cristo mula sa mga patay, na ako nga ang Kanyang lingkod, ay naritong nakalapag ang Kanyang Salita, nakabukas sa harapan ko, batid nga Niyang katotohanan ang sinasabi ko at hindi ako nagsisinungaling.

²⁰⁸ Naroon talaga ’yung kalapati, naroon nakatingin sa akin. Naglakad-lakad ako sa palibot, naisip ko, “Sigurado ako, isa itong pangitain.” Ibinaling ko ang ulo ko, lumingon ako, at naroon talaga siya; ’yung mumunting, puting mga pakpak, na mala-niyebe talaga; ’yung mumunti niyang, dilaw na mga paa, at munting, dilaw na tuka; naroon nga siya’t nakatingin sa akin. Nakamasid siya paharap sa kanluran. Inikutan ko siya nang *paganoon*, hindi ko na siya hinipo dahil wala namang dahilan. Lumakad na ako paakyat dun sa daan; lumingon uli, at naroon pa rin siya’t pinagmamasdan ako.

²⁰⁹ Kapatid, bilang isang anak ni Abraham, hindi ko alintana anuman ang sabihin ng doktor sa akin, gagaling ako, anuman ang mangyari!

²¹⁰ Nung ikatlong araw ay bumalik ako, umaakyat ako roon sa pinaka itaas. At marami sa inyo ang nakakaalam sa pangitain tungkol sa pinunong Indian na nangangabayo sa direksyon ng munting dalisdin na ’yun patungong kanluran. May kung anong bagay na pumukaw ng pansin ko’t pinuntahan ko ’yung isang malaking bato dun, nung bandang tanghali, sabi, “Ipatong mo ang iyong mga kamay riyan at manalangin.” Batid ng Diyos sa Langit na katotohanang lahat ito.

²¹¹ Ipinatong ko ang mga kamay ko dun sa bato at tumingala ako sa Langit at nagsimulang manalangin. Nakarinig ako ng isang Tinig na nagmumula sa ibabaw ng mga bato roon, sabi, “Anong pinag-aalinlangan mo, sa puso mo?” At paatras akong tumayo na parang ganito, walang takip ang mga balikat ko noon; hubad ako mula baywang pataas, dahil sa init. Tumingin ako uli roon. At

may nakasulat dun sa quartz, sa bato, “Puting agila”; saktong-sakto sa kung anong sinabi ng pangitain na sa pamamagitan nun ay darating ’yung susunod na Mensahe.

²¹² Labis akong natuwa, tumakbo ako pauwi; kumuha ako ng kamera at bumalik nung sumunod na araw, at kinunan ko ’yun ng litrato. Naroon pa rin ’yun, nakasulat dun sa bato: “Puting Agila.” (Kalapati’y pinangungunahan ang agila.)

²¹³ May paraan nga, alam ko—alam ko. Sinasabi ko na ito sa inyo agad bago pa ’yun mangyari. Ang doktor nga’y mabuti naman talagang dok- . . . mabuti ngang doktor, walang duda; sa aking—aking palagay isa talaga siyang mabuting tao. Ngunit batid ko—batid ko na malalampasan ko ’yun. Tapos na ’yun! Wala na ’yun, at ako’y gagaling!

²¹⁴ At iniisip-isip ko na nga ito habang inaawit ni Ernie ang awit na ’yun kanina, *On The Wings Of A Dove*. Papaano na nga uli ang tono nun? Simulan mo nga para sa akin, Ernie.

. . . wings . . . snow-white dove, (samahan n’yo
ako sa pag-awit)
God sent down His pure, sweet love,
Was a sign from above,
On the wings of a dove.

²¹⁵ Sa palagay ko’y gumawa si Ernie ng dalawang talata nun. Gagawan ko kayo ng tatlong talata.

Noah had drifted
On the floods many days,
He searched for land,
In various ways;
Troubles he had some,
But not from above,
For God gave him His sign
On the wings of a dove.

On the wings of a snow-white dove,
God send down His pure, sweet love,
Was a sign from above,
On the wings of a dove.

Jesus, our Saviour
Came to earth one day;
He was borned in a stable
In a manger of hay;
Though here rejected,
But not from above,
For God gave us His sign
On the wings of a dove.

On the wings of a snow-white dove,
 God sent down His pure, sweet love,
 Oh, a sign from above,
 On the wings of a dove.

Though I have suffered
 In many a way,
 I cried for healing
 Both night and day;
 But faith wasn't forgotten
 By the Father above,
 He gave me His sign
 On the wings of a dove.

On the wings of a snow-white dove,
 God sent down His pure, sweet love,
 Oh, a sign from above,
 On the wings of a dove.

On the wings of a snow-white dove,
 God sent down His pure, sweet love,
 A sign from above,
 On the wings of a dove.

²¹⁶ Minamahal naming Diyos, salamat po sa mga bagay na ito, Ama. Nagkaloob Ka kay Noe ng tanda, nagkaloob Ka rin sa sanlibutan ng tanda, at nagkaloob Ka sa akin ng isang tanda. At nung sumunod na araw nga roon, nung makita ko ang agila na 'yun na lumilipad, Oh Diyos, may isang Mensahe ngang paparating ngayon, at idinadalangin ko, Diyos, na Iyo nga pong itulot na ang Kalapati ang manguna. Maipagkaloob nawa ito, Panginoon. Pinangunahan ako Nito sa pananampalatayang 'yun na hindi pa ako nagkakaroon noon. Alam ko, Diyos, batid kong magiging maayos ang lahat; kaya ako'y nagpapasalamat sa Iyo para rito, Ama.

²¹⁷ At sa gabing ito, maipadala nawa ang Iyong Mensahe muli, Panginoon, sa mga pakpak ng Kalapati ng Salita. Ipagkaloob nawa ito, minamahal na Makalangit na Ama. At sa bawat isang dadaan sa entablado ng ito, ngayong gabi, at sa dako roon sa mga pagtitipon sa buong bansa, nawa'y bumaba ang Iyong dakilang Kalapati ng pananampalataya sa kanilang mga puso at pagkalooban sila ng pananampalataya, Panginoon, para sa kagalingan nila. Batid naming hindi nagtatangi ang Diyos ng tao kung sinuman. Maari nga Niyang ipadala ang Mensahe kay Noe, maaaring ipadala Ito kay Juan Bautista, maaaring ipadala Ito sa akin, maaaring ipadala Ito sa iba pa.

²¹⁸ Dalangin kong ang Kalapating 'yun ay lilipad sa bawat puso ngayon, Panginoon, na sa pamamagitan ng munti Nitong, ginintuang tuka, ay maibubulong niya na, "Sa pamamagitan ng Kanyang mga latay . . . Sa pamamagitan ng Aking mga sugat at latay ay magaling ka na." Diyos, maitulot nawa na ang aming

mga pagsalangsang ay mabura, ang mga kasamaan namin ay ipatawad sa amin, at ang aming mga sakit ay gumaling. Nasa Iyong mga kamay ito, Ama. Sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

Habang nakayuko ang inyong mga ulo nang isang minuto na lang po.

²¹⁹ Ilan sa mga narito ang nais magsabi, kung may pagnanais kayo at gusto n'yo talagang sabihin ito, "Kapatid na Branham, nagkamali ako buong buhay ko. Ninanais ko nang maglingkod sa Diyos noon pa man, ngunit ngayong gabi ay nakahanda na talaga akong sumuko. Idalangin mo sa Diyos, na lumipad ang Kalapating 'yun sa aking puso ngayong gabi. Nadarama ko ang pagpagaspas Niya ng mga pakpak Niya habang pumapasok Siya"? Itaas n'yo ang inyong mga kamay, maaari po ba? Dito sa mga nakikita kong mga nagsidalò, aba, punung-puno nga ang buong gusali.

²²⁰ Diyan sa mga nakatutok sa buong bansa, mula kay Kapatid na Hunt at Kapatid na Coleman, diyan kay Kapatid na Leo at sila riyan, sa Tucson, maging sa dako ng Branham Tabernacle, hanggang sa buong West Coast, itaas n'yo po ang inyong mga kamay nasaan man kayo: "Nais kong lumipad ang Kalapati sa puso ko ngayong gabi. Madala nawa sa akin ang matamis na pag-ibig ng Diyos sa mga pakpak ng isang mala-niyebeng puting Kalapati, ang Espiritu Santo. Madala nawa Ito sa akin, ngayong gabi Panginoon, at maihulog nawa sa aking puso ang pananampalataya na kailangan ko."

²²¹ Sa Pangalan ni Jesus Cristo, dumadalangin po ako, Diyos, mapatawad nawa ang aming mga pagkakasala. Dinadala na pabalik nung nasugatang Kalapati ang Mensahe, Oh Diyos, "Naganap na!" Sinasampalatayanan namin ang bagay na 'yan. Mapagkalooban nawa kami ng pananampalatayang panaligan Ito, 'yan ang dalangin namin. Sa Pangalan ni Jesus. Amen.

On the wings of a snow-white dove,
God sent down His pure, sweet love,
Was a sign from above,
On the wings of a dove.

²²² Saan nagmula ang kalapating 'yun? Hindi ko alam. Hindi naman puwedeng dun siya nanggaling sa ilang na 'yun nang basta-basta na lang. Hindi, hindi! Hindi, hindi nga siya dun puwedeng manggaling. At bakit kay puti niya? Alam ng Amang Makalangit na sinputi siya ng kamiseta ko. Naroon nga siya.

But it was on the wings of a snow-white dove,
God sent down His pure, sweet love,
Oh, a sign from above,
On the wings of a dove.

On the wings of a snow-white dove,
 God sent down His pure, sweet love,
 Oh, a sign from above,
 On the wings of a dove.

²²³ Oh, hindi ba't nadarama n'yo na ang tunay na kababaan?
 Kamayan po natin ang isa't isa, at awitin ito.

On the wings of a snow-white dove,
 God sent down His pure, sweet love,
 A sign from above,
 On the wings of a dove.

²²⁴ Itaas natin ang ating mga kamay sa *Kanya*, at awitin ito.

On the wings of a snow-white dove,
 God sent His pure, sweet love,
 A sign from above,
 On the wings of a dove.

Noah had drifted
 On the floods many day,
 He searched for land,
 In various way;
 Trouble he had some,
 But not from above,
 God sent down His sign
 On the wings of a dove.

On the wings of a snow-white dove,
 God sent down His pure, sweet love,
 Oh, a sign from above,
 On the wings of a dove.

Jesus, our Saviour
 Came to earth one day;
 Borned in a stable,
 In a manger of hay;
 Though here rejected,
 But not from above,
 God gave us His sign
 On the wings of a dove.

On the wings of a snow-white dove,
 God sends down His pure, sweet love,
 A sign from above,
 On the wings of a dove.

²²⁵ Aba, ako nga'y isa nang matanda nang lalaki, nagdusa nang buong buhay ko, bakit Niya kaya ako pinagaling ngayon? Naniniwala kasi akong dadaanan ko pa ang daanang ito, may Mensahe pa akong kailangang dalhin! At sinasabi ko sa aking Ama, ngayong gabi, (tulad ng nakita ni Junior sa isang—isang panaginip nung isang araw tungkol dun sa mga pakpak nung Kalapating 'yun, na kumikilos sa mga bintana rito), Panginoon,

nakahanda na ang lingkod Mo na maglingkod. Amen, handa na po ako!

On the wings of a snow-white dove,
God sends me His pure, sweet love,
A sign from above,
On the wings of a dove.

226 Manampalataya tayo ngayon na kumikilos na Siya sa mga narito ngayong dumalo.

On the wings of a snow-white . . . (Naghihintay
po kami, Panginoon.)
God sends down His pure, sweet love,
A sign from above,
On the wings of a dove.

227 Sa inyo po na may mga prayer card, dito po sa pasilyo na *ito*, lumipat po kayo sa dako rito; tumayo po kayo, lumipat po kayo sa pasilyo na ito rito, sa gawi rito.

On the wings of a snow-white doe,
God sends His pure, sweet love,
A sign from above,
On the wings of a dove.

228 Doon sa mga may mga prayer card sa pilang *ito*, lumipat kayo sa inyong kaliwa.

On the wings of a snow-white dove,
God sends His pure sweet love,
A sign from above,
On the wings of a dove.

229 Yaong . . . [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]

Oh, on the wings of a snow-white dove,
God sent me His pure, sweet love,
A sign from above,
On the wings of a dove.

230 Saan nagmula ang kalapating 'yun dun sa ilang? Sasabihin ko nga ito: Nakita ng Diyos na kailangan nga ni Abraham ng isang lalaking tupa bilang siyang tanda, Siya'y *Jehovah-jireh*, "may kakayahan ang Panginoon na maglaan ng hain para sa Kanyang Sarili." Isipin n'yo nga 'yun! Ang siya ring Diyos, sa pamamagitan ng siya ring inspirasyon, ng siya ring uri ng mga tao, ay nagpadala ng isang kalapati. Siya ang Diyos na 'yun, si Jehovah-jireh na may kakayahang maglaan ng anumang bagay na kakailanganin Niya.

231 Maaari po ba, habang nagsisilapit lamang kayo sa pilang ito para maipanalangin ngayon, hilingin n'yo nga sa Diyos na maipaghanda kayo sa mga pakpak ng Kalapati? Sa Kalapating 'yun, ang Espiritu ng Banal na Espiritu, na pagkalooban kayo ng pananampalataya sa inyong puso upang makasampalataya kayo na kayo'y gagaling.

²³² Hihilingin kong tumayo po sana ang lahat, kita n'yo. Sige po. Nasa puwesto na niya si Kapatid na Brown. Si Kapatid na Jack. . . Ano po 'yun? [May nakikipag-usap kay Kapatid na Branham—Pat.] Sige, mabuti. Ang bahaging *ito* rito, lumipat po muna kayo rito sa banda rito, pumila lang po. Yung mga nasa bahaging *ito* sa likod *dito* sige po pumila lang sa likod nila. Yung mga *narito* naman ay pumila dun sa pinaka tagiliran. At *kayo* naman pumila dun sa likod ng mga *ito* rito, pumunta po rito para maipanalangin.

²³³ Ngayon, natitiyak kong hindi *ito* magiging mabilisang pila, maglalaan tayo ng sapat na oras para maipanalangin nating talaga ang bawat isa, sa abot ng makakaya natin.

²³⁴ Ngayon, pinutol ko na ang mensahe ko para maiksi lang (at napansin n'yong lahat 'yun, kita n'yo) upang maisagawa ko itong pila para sa pananalangin na *ito*. Ito'y pila ng pag-alaala dun sa mga araw na 'yun noong sina Kapatid na Jack Moore, Kapatid na Young Brown, nung payagan kayong humayo ng mga asawa n'yo, at sumadya kayo at humayo nga tayo roon sa California, at sa buong Arizona (na magkakasama, binagtas ang disyerto), at nanalangin para sa mga maysakit.

²³⁵ Alam n'yo po ba? May mga taong nabubuhay ngayon na halos mamatay na noon, pero buhay na buhay pa rin dahil sa pagsusumikap na 'yun. Anong idinulot nun? Nagpausbong 'yun ng Makalangit na mga pagpapagaling sa bawat iglesya saan mang panig ng bansa, maging sa mga Presbyterian nga at iba pa. Sila'y. . . Pinatikom nun ang kanilang mga bibig, dahil Diyos na mismo ang nagpahid dun sa isang tao para paslangin ang Goliath, upang ipakita na posible nga itong mangyari, at pagkatapos nun ay lumakas ang loob ng iba pa sa kanila roon (ganon nga) at nakipagbaka. Maaari nga 'yung mangyari uli, dahil Siya'y nagsusugo mapasa hanggang ngayon ng Kanyang pag-ibig sa mga pakpak ng Kalapati.

²³⁶ Mga Cristiano, nais kong makinig kayo. Kung tatayo ako rito't babangitin ko sa inyo isa-isa ang mga sobrenatural na mga bagay na nakita kong nangyari kahit nga itong nakaraang tatlong taon lang, mananatiling nakatayo pa rin ako rito sa ganito pa ring oras sa susunod na Sabado ng gabi, binabanggit ang mga 'yun sa inyo. Ni hindi ko na nga gaanong nababanggit pa 'yun, 'pagkat para ba kasing napaka imposible nun sa pakinig, subalit Katotohanan lang talaga ang sinasabi ko sa inyo. Katotohanan lang talaga. Nabubuhay tayo sa ilalim ng pamumuno ng Dakila't Makapangyarihang Jehovah, Yaong siya rin noon na kasama ng mga propeta sa Lumang Tipan, kasama ng Iglesya sa Bagong Tipan, narito Siya ngayon na kumukuha ng Nobya mula sa mga Gentil para sa Kanyang Pangalan. Sampalatayanan n'yo Ito! Maaari po ba, kayong lahat? Kung may panahon para sampalatayanan n'yo Ito, ngayon na ang panahon para sampalatayanan n'yo Ito. Sige po. . . Nais kong

gawin n'yo na ito. Hindi natin alam kung ano pang mangyayari ngayong gabing ito. Hindi natin alam kung anong mangyayari. Naghihintay lamang tayo nang may pananabik.

²³⁷ Nakikiusap ako, sa Pangalan ng Panginoong Jesus, ako nga'y nakikiusap sa inyo bilang lingkod Niya. Batid kong sa tuwing makikipag-usap ka sa iba't ibang mga kongregasyon, halu-halo lahat ang mga nandun. Subalit kung ako lamang ay mapaniniwalaan n'yo bilang lingkod Niya, na kung may kahit katiting na pag-aalinalangan (mangyaring ang *kasalanan* ay-ay "pag-aalinalangan, di pananampalataya"), na kung may kahit katiting lang nun sa puso n'yo, hilingin n'yo sa Ama na alisin 'yun ngayon mismo. Kita n'yo? "Panginoon. . ." At pagkatapos nun maaari na kayong dumulog taglay-taglay na ang tunay na pananampalataya. . . Ngayon, wala ngang magagawa ang mga kamay ko maliban na tumimo muna Iyon sa puso n'yo; tapos kapag dumating na ito, pasisiklabin na nito 'yun, at magaling na kayo. Siyanga, malalaman n'yong magaling na kayo. Kita n'yo, talagang sasampalatayanan n'yo ito.

²³⁸ Ngayon, ako'y mananalangin na ngayon para sa bawat isa sa inyo. At ngayon. . . Habang ginagawa n'yo ito, ipatong n'yo rin ang inyong mga kamay sa isa't isa, nang sa gayon tayo'y. . . Inyo ngang maipapanalangin 'yung tao na pinapatungan n'yo ng iyong mga kamay, tapos ipapanalangin ko nga kayo habang nasa pila kayo. Ipatong n'yo ang inyong mga kamay sa katabi n'yo sa pila.

²³⁹ Minamahal naming Diyos, wala akong—wala akong ibang nalalamang paraan para sabihin ang mga bagay na gaya nito, Panginoon. Ang alam ko lang sabihin ay 'yung kung ano lang ang alam ko na Katotohanan, at Ikaw po ang nagpapatotoo sa akin ngayong gabi na sinasabi ko nga ang Katotohanan. Ang pananampalataya ko, Panginoon, at ang sarili kong kagalangan sa hinaharap; hindi ko alam kung kailan, hindi ko alam kung papaano, hindi ko 'yun lubos-maisip; pero sinasampalatayanan ko Ito, Panginoon, na natanggap ko na ang tanda mula sa itaas. Ang ikapitong kalapating 'yun na sa wakas ay nakarating na rito, ang ikapitong pulgada ay talaga namang matatapos na sa nilalang na 'yun. Tapos na ito!

²⁴⁰ Diyos, nais ko pong paglingkuran ang bayan Mo. Kaya heto akong dumadalangin, Diyos, na lubos Mo kaming pahiran sa gabing ito kahit sinuman ang patungan namin ng mga kamay, ay magsigaling sila; hindi dahil sa ito'y sa ganang amin, kundi dahil ito'y pagsunod sa Iyong utos. Sabi Mo, "Lalakip ang mga tandang ito sa magsisisampalataya." Panginoon, tulungan Mo akong manampalataya, at matulungan nawa ang mga puso nila na maging lupang punlaan ng pananampalataya. At nawa po, ang lahat ng ito'y, para sa ikaluluwalhati ng Diyos, na ang bawat isa rito na may sakit at nagdurusa sa gusaling ito (o sa mga gusali sa buong bansa) na tumatalima sa mga utos na ito ngayon,

ay magsigaling. Sa Pangalan ni Jesus Cristo, hinihiling ko po ito. Amen.

²⁴¹ Manampalataya; ang lahat po'y manalangin kasama namin. Ngayon, hindi po ito pila para sa espirituwal na pagkilala.

²⁴² [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] Kalumbayan, takot, alam ko 'yung pakiramdam. . . [May nakikipag-usap na kapatid na babae kay Kapatid na Branham.] Kaawa-awa po talaga, ang sabi nga niya'y hindi pa siya nakakaranas ng kapayapaan kahit kailan sa buhay niya. Ganoon din ang aking. . . Di makatulog, dinadatan ng nerbiyos, pagod na pagod ang isip.

²⁴³ Minamahal na Diyos, patotohanan Mo ako, Panginoon, na ang sinasabi ko'y Katotohanan talaga. Tunay pong naaawa ako nang husto sa munting babaing ito! Dumadalangin ako, Diyos, na isusugo Mo sa kanya, ngayong gabi, ang pananampalataya na 'yun na nanggagaling sa itaas na may kabatiran na Ikaw nga'y obligado sa Iyong Salita, at tutuparin Mo ang bawat Salita. Alisin nawa ng Diyos ng Langit ang takot na ito mula sa aking kapatid na babaing narito. At akin ngang sinusunod Ka sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay sa kanya at sa pagpapalayas nito. Sa Pangalan ni Jesus Cristo, umalis nawa ito sa kanya. Amen.

²⁴⁴ Ngayon, tingnan mo kapatid na babae, paniwalaan mo ako ngayon, kung makapagsisimula ka buhat dito, sa tabi ng krus. Magmula sa gabing ito, sabihin mong wala na ito sa iyo. Kita mo, sabihin mo lang, "Wala na ito sa akin," at lilisanin ka nito.

²⁴⁵ Kapatid na babaing Palmer. [Nakikipag-usap si Kapatid na babaing Palmer kay Kapatid na Branham—Pat.] Oo. Narito ang kapatid natin, Kapatid na babaing Palmer; ang kanyang asawa ay isang minamahal ko talagang kaibigan, isang ministro na taga-Georgia o Alabama, Georgia—Georgia. At lagi siyang bumibisita sa tabernakulo. . . Bibiyahe sila, kapag nangangaral ako dun sa tabernakulo, nang labinlimang daang milya para makapakinig lang ng isang gawain. Nawalan ng kontrol sa kanyang kotse si Kapatid na Palmer, o 'yung binata, dun, nung paliko sana sila sa isang kanto, at nabangga sila. May natamo na pinasala ang kapatid nating babae dahil dun.

Manalangin tayo.

²⁴⁶ Minamahal naming Diyos, palayain Mo ang iyong lingkod na ito, ang kanyang butihing asawa, tapat, sinsiro, munting lingkod kay Cristo, dalangin ko, Diyos, habang pinapatungan ko siya ng kamay, kasama ng aking Kapatid na Jack Moore dito, na pagalingin Mo nawa siya at gawing mabuti na ang kalagayan niya. Sa Pangalan ni Jesus. Amen.

Pagpalain ka ng Diyos! . . . ? . . .

247 Sa kanang paa, at narito ka para sa kanya? Ang kanyang munting anak na lalaki'y pilay, may pangingirot siya sa kanyang tiyan at likod.

Manalangin tayo.

248 Minamahal naming Diyos, itulot Mo na ang mala-niyebeng puting Kalapating 'yun ay dumapo sa kanyang puso ngayon, "Nasugatan dahil sa ating mga pagsalangsang, nabugbog dahil sa ating kasamaan, sa pamamagitan ng Kanyang mga latay ay nagsigaling tayo." Hinihiling ko na mangyari nawa 'yun para sa aming kapatid na lalaki at para sa kanyang munting anak na lalaki, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

249 Matinding pananakit ng ulo, at sakit sa paa na naaabala tuloy siya sa kanyang pagtratabaho.

250 Minamahal naming Diyos, ipagkaloob Mo po ang Iyong pagpapalang kagalingan sa binatang ito, habang kami na mga lingkod ng Diyos ay nagpapatong nitong aming mga kamay sa kanya. Sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

251 Mayroon siyang sakit na pambabae, na nasa mga babae, at nais din niyang makamtan ang Bautismo ng Banal na Espiritu.

252 Minamahal naming Diyos, habang inihahandog ko ang panalangin ito ng pananampalataya para sa munting binibini na ito, lumisan nawa ang sakit na pambabae palayo sa kanya, dumating nawa ang Bautismo ng Banal na Espiritu sa mga pakpak ng isang Kalapati, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

Pagpalain ka ng Diyos, kapatid na babae.

253 Bukol sa kanyang mata, at para sa kanyang minamahal na kasama.

254 Minamahal naming Diyos, talastas Mo ang mga puso ng mga tao. Idinadalangin ko sa Iyo Ama, sa Pangalan ni Jesus, na ipagkaloob Mo po ang kahilingan na hinihiling ng kapatid na lalaking ito; habang aming sinusunod ang Iyong Salita sa pagpapatong ng mga kamay sa kanya. Sa Pangalan ni Jesus. Amen.

Pagpalain ka ng Diyos, kapatid.

255 May bukol siya sa kaliwang tagiliran niya, at masama rin ang kanyang boses.

256 Minamahal naming Jesus, idinadalangin kong pagagalingin Mo ang kapatid na babaing ito; pinapatungan namin siya ng kamay sa Pangalan ni Jesus Cristo, upang magkaroon siya ng kagalingan. Amen.

Pagpalain ka ng Diyos, kapatid kong babae.

257 Oo, kapatid na babae, nakikita ko nga ang sakit mo, ang binti mo'y namamaga. [Nakikipag-usap ang kapatid na babae kay Kapatid na Branham—Pat.] Bato, pantog, at 'yung bukung-bukong mo'y napilay.

258 Oh Ama, Diyos, Iyo pong pagalingin ang kalugud-lugod na babaing ito, Panginoon, 'yan po ang idinadalangin ko, habang pinapatungan ko siya ng mga kamay sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

259 Pagpalain ka ng Diyos, kapatid na babae; magiging maayos ang lahat, gagaling 'yan.

260 Naririnig n'yo po ba, o hindi, 'yung mikropono? Kung sino man po ang nasa . . . 'yung namamahala sa tunog, kung puwede po ilakas mo lang ito nang kaunti, para marinig ng mga narito 'yung pato- . . . o 'yung sinasabi ng mga nagsisilapit dito. Kayo nga'y manalangin para sa mga dumudulog dito sa tuwing maririnig n'yo ang hinaing nila; at kapag nagsimula na akong manalangin, samahan n'yo akong manalangin.

261 Minamahal na Diyos, idinadalangin ko itong aming kapatid na babae, na Iyong pagalingin siya, mahal na Diyos. Ginagawa namin ito sapagkat ito'y utos Mo. Sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

Pagpalain ka, kapatid na babae.

262 Minamahal naming Diyos, Iyo ngang naririnig ang patotoo na ito, Iyong naririnig kung anong ginawa ng kaaway sa kanya. Sinisikap nga naming dalhin ang Pangalan ni Jesus at gapiin ang kaaway na 'yun; at siya nga'y gapi na dahil yaong sugatan, at may mga latay na Kalapati'y bumagsak na dun sa sahig ng Bahay ng Panginoon na may dalang Mensahe, "Tapos na ito!" Iyo pong ipagkaloob ito, sampalatayanan niya nawa ito, Ama, sa Pangalan ni Jesus.

263 Minamahal naming Diyos, dalangin kong pagalingin Mo po itong kapatid naming babae. Nawa'y patotohanan ng Kalapati ng Diyos sa kanya ngayong gabi na isinakatuparan na Niya ito para sa kanya, upang siya'y tuluyang gumaling na talaga. Sa Pangalan ni Jesus. Amen.

264 Minamahal naming Diyos, pinapatungan ko ng mga kamay ang kapatid kong lalaki na ito na nakatayo rito. Taglay nga niya ang sapat na pananampalataya upang makarating siya sa puntong lumapit dito, Panginoon, nawa ngayon ay makamtan niya ang kanyang kagalingan at sa pagbalik niya sa kanyang upuan ay magaling na siya. Sa Pangalan ni Jesus.

265 Minamahal naming Diyos, dumadalangin ako para rito sa kapatid naming lalaki, habang pinapatungan namin siya ng mga kamay. Humihingi kami ng tulong, mahal naming Diyos, na ang pananampalataya ng Diyos ay bumaba sa mga oras na ito; at maging tulad kami ni Abraham, na sabihin lang namin ay maipangyayari, kahit na tila wala—wala pa, sapagkat Diyos ang nangako nito. Sa Pangalan ni Jesus. Amen.

Pagpalain ka ng Diyos.

266 Minamahal naming Diyos, Ikaw lamang ang Siyang maka gagawa ng tunay na pagpapasya. Dalangin ko, mahal na Diyos, na anuman ang hiniling ng dalagang ito, matanggap nawa niya ito sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

267 Minamahal naming Diyos, ipinapatong ko ang aking mga kamay sa aming kapatid na babae bilang pagsunod sa sinabi Mo sa amin na gawin. Dinadala nga kami nito na magbalik-tanaw sa maraming taon na nagdaan, Panginoon, mula nung magpasimula kami ng pila para sa pananalangin na gaya nito; pero nababatid nga namin na anuman ang naipangyayari noon, batid naming Ikaw pa rin 'yang siya ring Diyos na 'yan mapasa hanggang ngayon kung ang mga tao lang sana'y magkakaroon ng ganun ding pananampalataya ngayon. Dumadalangin ako sa Pangalan ni Jesus para sa kagalingan ng kapatid naming babae na ito. Amen.

268 Minamahal naming Diyos, pinapatungan ko ng mga kamay ang kapatid kong lalaki na narito at hinihiling ko ang kanyang kagalingan, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

269 Ama, dinudulog ko po sa Iyong harapan ngayong gabi ang aming kapatid na babaing ito, at ipinapatong ko ang aking mga kamay sa kanya upang magpatotoo na ako'y naritong tumatayo bilang patotoo ng Iyong kapangyarihan, naritong tumatayo bilang patotoo ng Iyong mga pangitain, ng Iyong Salita, at ako nga'y patotoo na Ikaw ay Diyos. At pinapatungan ko siya ng mga kamay bilang pagsunod sa Salita ng aking Diyos, at ako nga'y humihiling para sa kanyang kagalingan. Amen.

270 Minamahal naming Diyos, pinapatungan ko ng mga kamay ang aking kapatid na lalaking ito sa ganoon ding paraan, at bilang patotoo ng Iyong kapangyarihan ay humihiling ako para sa kanyang kagalingan sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

271 [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] “Ano po?”

272 Sabi niya, “Ang Tagapagpagaling.” Ang sabi “Isang lalaki na taga-roon sa isang dako roon, sa Arkansas, ang gumaling nung umagang 'yun, isang bulag na sapatero.” Alam n'yo na 'yung kuwento. Napakinggan n'yo na 'yun sa radyo.

273 At sabi ko...naisip ko...kunwari'y isang mapagkunwa ako. Sabi ko, “Huwag mong sabihing naniniwala kang 'yun ay Katotohanan?”

274 Sabi niya, “Opo, ginoo, naniniwala ako.”

275 At sabi ko, “Naniniwala ka bang 'yung ganitong panahon ay gumagawa pa rin ang Diyos ng mga bagay-bagay na tulad nun, sa panahon ngayon. . .”

276 Sabi niya, “Ginoo, nakikinig po ako dun sa panrelihiyong programa.” Sabi niya, “Isa po akong Cristiano.” Sabi niya, “Nakikinig ako dun sa mga programa, narinig ko dun na 'yung lalaking 'yun doon ay gumaling kaninang umaga, 'yung bulag

na sapatero. Siya nga'y itinataboy ng simbahan, napaka ingay niya kasi dun, pagkagaling sa isang simbahan ay tutungo sa isa pa. Nariyan nga siyang nakaipit ang sumbrero niya sa isang tungkod, iwinawagayway niya 'yun sa palibot, tatakbong taas-baba dun sa mga simbahan, sa lahat ng naroon sa siyudad, sumisigaw, 'Magaling na ako! Magaling na ako!' Isang bulag na sapatero."

277 Sabi ko, "Naniniwala ka sa ganoon?"

278 At tumayo lang siya roon na parang natigilan, umaambon-ambon noon nang kaunti, sabi niya, "Ginoo, kung madadala mo lang ako sa kinaroroonan ng lalaking 'yun, maaari ko nang makita ang aking ama." Tapos bigla na lang akong naantig dahil *doon*.

279 Sabi ko, "Marahil ako ang hinahanap mo."

280 Sabi niya . . . napahawak siya dun sa solapa ng amerikana ko, sabi niya, "Ikaw ang Tagapagpagaling?"

281 Sabi ko, "Hindi, kapatid, pero ako si Kapatid na Branham."

282 Sabi niya, "Maawa po kayo!"

Naisip ko tuloy ang kaawa-awang matandang bulag na si Fanny Crosby, "Habang ang iba'y tinatawag Ka, huwag nawa akong lalampanan." Kita n'yo, Kanya ngang pinagaling ang isa, Kanya rin namang pagagalingin siya.

283 Ipinatong ko ang aking mga kamay sa kanyang mga mata, sabi ko, "Minamahal naming Jesus, isang araw may luma't magaspang na krus na parating sa isang dako't kumakaldag sa lansangan, ang mga balikat ay may dugong umaagos mula sa mga 'yun, ang munting nanghihinang katawan na bumubuhat nun ay bumagsak dahil sa bigat ng pasan. Isang lalaking itim na nagngangalang Simon, na taga-Cirene, ang lumapit dun at pinasan ang krus, tinulungan Siyang buhatin 'yun. Natitiyak kong naaalala Mo 'yun, Ama. At ngayon ang isa sa mga anak niya'y hirap na hirap sa pasan niya rito sa kadiliman, natitiyak kong nauunawaan Mo."

284 Sabi niya, "Luwalhatiin ang Diyos! Nakakakita na ako!" Uh-huh.

285 Sabi ko, "Nakakakita ka na ba?"

286 Sabi niya, "Opo, ginoo."

287 Sabi ko, "Bilangin mo 'yung mga ilaw dun." At binilang nga niya ang mga 'yun. Sabi ko, "Anong kulay nitong suot-suot kong amerikana?"

288 Sabi, "Kulay abo ang suot mong amerikana, at kulay dilaw naman ang kurbata." Yun nga 'yun, nakakakita na talaga siya.

289 Oh, isinasaalang-alang nga ng Diyos ang kababaang-loob. Uh-huh.

Ito mismo yaong magdudulot, at magdadala, ng dakilang tagumpay sa Pag-ibig na Banal.

²⁹⁰ Minamahal naming Diyos, mahabag Ka at pagalingin ang aking kapatid kung anong dumaan na rito. Dalangin ko, mahal naming Diyos, na ang kamay ko ring ito na ipinapatong ko ay yayakap gaya ng mahihinang mga kamay noon ni Simeon nung araw na 'yun, "Panginoon, papanawin Mo ang Iyong lingkod sa kapayapaan, sapagkat nakikita ko na mismo ngayon ang Iyong pagliligtas." Nawa'y dumating na Ito sa kanya, Panginoon, ang Iyong pagliligtas, at tuluyang pagalingin siya sa Pangalan ni Jesus. Amen.

²⁹¹ Minamahal naming Diyos, habang ipinapatong ko itong mahina't, nangungulubot kong kamay, Ikaw lamang ang siyang nakakabatid kung anong dumaan na rito. Dalangin ko, mahal naming Diyos, na ang kamay ko ring ito na ipinapatong ko ay yayakap gaya ng mahihinang mga kamay noon ni Simeon nung araw na 'yun, "Panginoon, papanawin Mo ang Iyong lingkod sa kapayapaan, sapagkat nakikita ko na mismo ngayon ang Iyong pagliligtas." Nawa'y dumating na Ito sa kanya, Panginoon, ang Iyong pagliligtas, at tuluyang pagalingin siya sa Pangalan ni Jesus. Amen.

²⁹² [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] Doon sa *Ang Paglilitis*, aba'y, inakusahan ni G. Di-mananampalataya si Jesus Cristo. Naaalala n'yo pa po ba 'yun dun sa *Ang Paglilitis*? Kung papaanong may . . . Mayroon silang—silang mga abogado dun at lahat na, at kung sinong kakatawan para kanino. At mayroon tayong—tayong abogado demandante, si Satanas, na naroon ng nag-aakusa; kung papaano, isinagawa 'yung paglilitis.

²⁹³ At sabi niya, may isa dun, si G. Mapagduda, lumapit siya, sabi niya, "Narinig kong sinabi ng isang mangangaral, 'Pahiran ang mga maysakit ng langis, sinasabi 'yun ng Biblia.' Pinahiran ako ng langis, hindi naman ako gumaling. Tapos sabi nung isa pa roon, 'Patungan ninyo ng mga kamay ang mga maysakit, sila'y gagaling.'" Pinipilit nung lalaking idiin 'yun.

²⁹⁴ Tapos pa'y lumapit na 'yung saksi, ganito raw, "Diyos na mismo ang nagsabi sa kanila, sabi, 'Ikaw nga'y. . .'" Giit nung lalaki, "Anim na buwan na ang lumipas mula nung patungan ako ng mga kamay, at ang sinasabi ng Iyong Salita'y 'Patungan ninyo ng mga kamay ang mga maysakit at sila'y gagaling.' At pinatungan naman ako ng mga kamay ng isa sa Iyong mga pinahirang lingkod, at kaso hindi man lang ako gumaling-galing hanggang ngayon. Ibig sabihin nun, isa Kang huwad na nagpapanggap lang, sapagkat ang Iyong Salita ay hindi totoo sa sinasabi Nito."

²⁹⁵ Kaya lumapit na roon 'yung saksi, dahil ang totoo'y ganito, na "Ang Kanyang Salita'y totoo. Hindi Niya kailanman sinabi kung *kailan* Niya gagawin ito, ang sabi Niya, 'Lalakip ang mga tandang ito sa magsisisampalataya; kung ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa mga maysakit, sila *nga'y* gagaling.' Kita n'yo? Kita n'yo, 'yun ang sabi Niya, 'Sila *nga'y* gagaling.' Kaya maging ito man ay isang dagliang himala na mangyayari na lang agad nang *ganito* o kung ito man ay pagsunod muna sa Diyos, nasa Kanyang ugnayan na 'yun sa indibiduwal. Kita n'yo? Subalit kung sasampalatayanan Ito ng indibiduwal, hindi ko

alintana gaano mang katagal ang abutin nito. Sinabi Niya kay Abraham, 'Magkakaanak ka kay Sarah.' Hindi dumating 'yung sanggol sa loob ng limampu't limang taon. Sinabi Niya kay Noe na 'uulan.' Itinayo na ni Noe 'yung baha. . . 'yung—'yung daong po pala naitayo na niya para sa baha, maraming, maraming taon ang lumipas bago dumating 'yung baha, subalit sa kabila nun alam niyang uulan talaga. Sinabi ng Biblia, "Ang panalangin ng pananampalataya ay magliligtas sa maysakit, at ibabangon sila ng Diyos.' Kailan? Hindi Niya sinabi. Matuwid nga ang Diyos, totoo Siya, basahin n'yo lamang ang sinasabi ng Kanyang Salita."

²⁹⁶ Ganyan nga ang ginawa ko ngayong gabi, patungan lang ng mga kamay ang mga maysakit. Ngayon, sumasampalataya nga ako na ang bawat isa sa kanila'y gagaling. Nananampalataya ako, gagaling ang bawat isa sa kanila. Sinasampalatayanan din n'yo rin ba 'yun? Ngayon manampalataya kayo para rito sa mga nagdurusa rito.

²⁹⁷ May isang munting binibini rito, parang naaalala ko siya, ipinanalangin ko siya kagabi, dito sa pila para sa panalangin. Ano nga uling pangalan niya? Chambers. . . Chambless. Kung ang munting binibining 'yan ay nabuhay lang—nabuhay lang sana nang normal, hindi nagkasakit nang malubha, siguradong napaka ganda niyang babae. At nariyan nga siya't nakaupo rito ngayon, nanginginig. May kalugod-lugod, na mabuting espiritu sa babaing ito. At nakaupo nga siya riyon na nangangatog nang *paganito*. Oh, talagang nadudurog n'yan ang puso ko. Hangad ko ngang sana. . . kung may magagawa lang ako!

²⁹⁸ Narito rin po ang isang munting sanggol, nakaupo rito ang isang ginang hawak-hawak ito. Nakalabas ang maliit na dila nito, nagdurusa ang munti nitong katawan. Papaano kung ang munting Joseph ko ito? Papaano kung ang munting apo kong si Paul ito? Papaano kung si Rebekah ito na nakaupo riyon sa likod, o si Sarah? Papaano kung si Gng. Simpson dito ay ang maybahay kong si Meda? Ang batang lalaking nakaupo rito ay si Billy Paul? Ang matandang babae na nakaupo rito ay ang aking ina? Alalahanin n'yo, anak ito ng sinuman dito, kapatid na babae ng sinuman dito, anak na babae ng sinuman dito, anak na lalaki ng sinuman dito. Kita n'yo? Ako'y kapatid nila, Siya'y ating Tagapagligtas. Ang magagawa ko lang ay. . . kung anuman ang pananampalatayang taglay-taglay ko'y ihahandog ko para sa kapakanan nila. Yun lang ang alam kong magagawa ko.

²⁹⁹ Ngayon, maaari po akong pakitaan ng Panginoon ng isang pangitain, masasabi Niya sa akin kung anong problema sa bawat isa sa kanila. Mapapatunayan ko 'yan sa inyo, kita n'yo, alam n'yo 'yun. Pero hindi 'yun ang magpapagaling sa kanila. Hindi 'yun ang magpapagaling sa kanila. Hindi, ang kailangan kasi'y may isang bagay na dadapo sa kanila, kita n'yo. At ako'y umaasang. . .

³⁰⁰ Gaya na lang ng pupunta ako rito't dadalhin ang bawat isa sa inyo para mabautismuhan kayo sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo, hindi 'yun ang magpapatawad ng mga kasalanan n'yo. Hindi, hindi! Hindi, hindi ako naniniwala sa bautismo sa tubig sa Pangalan ni Jesus Cristo na 'yun ang magdudulot ng muling kapanganakan; naniniwala akong sa Dugo ang muling kapanganakan, kita n'yo, hindi—hindi sa tubig. Pero, kita n'yo naman, maaari nga akong magbautismo nang magbautismo, subalit lubobog lang kayo dun na isang tuyong makasalanan, at aahon na isang basang makasalanan; kita n'yo, ang dapat nga'y lubos muna kayong magsisi. *Magsisi*, at saka magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo. Kita n'yo? At diyan nga ako naiba sa kalipunan ng mga Oneness. Hindi 'yung pagbabautismo ang magdudulot nung muling kapanganakan, hindi; naniniwala akong 'yung Dugo ang naglilinis, hindi 'yung tubig. Kita n'yo? *Pagsisisi*, at pagkatapos nun pagbabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo.

³⁰¹ Ngayon bababa na ako para manalangin. At ang mga taong narito na talaga namang napakahalaga sa inyo ay sa gayundin na paraan ay napakahalaga sa akin, marahil higit pa nga ang halaga kung tutuusin.

³⁰² Ngayon magsama-sama po tayong lahat, at ang mga kamay n'yo sa pananampalataya, at kamay ko sa pananampalataya, maipababa natin ang mga kamay ng Panginoong Jesus upang maipatong sa mga kaawa-awa't paralisadong mga taong narito. Maaari n'yo bang samahan ako sa panalangin?

³⁰³ [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] Dun sa may mga panyo para sa mga maysakit at mga nagdadalamhati, maaari n'yong kunin ang mga ito pagkatapos ng gawain. Ngayon tulungan n'yo akong manalangin para sa mga ito, maaari po ba?

³⁰⁴ Diyos, pinasasalamat na Ka po namin, Panginoon, para sa mga bagay na Iyong ginawa sa gabing ito. Kami nga'y di pa man ay nagpapasalamat na agad sa Iyo para sa kagalingan ng bawat isang pumila rito. Minamahal na Diyos, idinadalangin ko po ang mga panyong narito, marahil para sa ilan na hindi makadalo sa pagtitipon, at dinala na lang ng kanilang mga mahal sa buhay ang mga panyong ito. Sa Biblia nga'y itinuro sa amin na idinaiti nila 'yung mga 'yun sa katawan ni Pablo, mga panyo o mga tapi. Ngayon, ang mga tao nung panahon na 'yun ay nabuhay sa Iyong piling, nakita Ka nila sa lansangan, nakita Ka nila sa kanilang mga pagtitipon, at nakita nila ang siya ring Espiritu Mo kay Pablo. At alam nilang hindi ang lalaking 'yun, kundi ang Iyong Espiritu 'yun na namamayani sa kanyang buhay, sapagkat nakita namin si Pablo na ginagawa ang siya ring mga bagay na ginawa Mo.

³⁰⁵ At ngayon, Panginoon, nakikita ng mga tao ng panahong ito ang siya ring Diyos na 'yun na nabubuhay ngayon sa Kanyang

Iglesya kasama ng Kanyang mga hinirang. At dinala nila ang mga panyong ito, upang maiuwi nila ang mga ito mula rito patungo sa kanilang mga mahal sa buhay. Ipagkaloob Mo po, Diyos, na gumaling ang bawat isa sa kanila sa kaparaanan Mo. Hindi kami humihiling na ang isang bagay ay ganito sana ang mangyari o ganyan sana; humihiling lang kami, “Sa Iyong kaparaanan, Ama, pagalingin Mo sila.” Para sa ikaluluwalhati ng Diyos, inihahandog ko ang panalangin ng pananampalataya na ito sa bagay na ’yan. Sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

³⁰⁶ Ako nga’y nagagalak nang lubos sa pagbubuklod-buklod na ito sampu ng inyong pananampalataya, ng inyong presensya kay Jesus Cristo. Ito’y magiging isang pagtitipon na maaalala ko sa mahabang panahon’yung mga naganap dito: pag-ibig, pakikiisa, pagbubuklod-buklod.

³⁰⁷ At ngayon, hanggang sa magkita po tayong muli, gabayan nawa kayo ng Diyos ng Langit. Siya Na nagpapaningning ng mga bituwin sa gabi upang ilawan ang daan kapag dumidilim na, nawa’y Kanyang ilawan ang inyong landas sa pamamagitan ng Tala ng Bethlehem nang sa gayon magabayan kayo na lubos n’yo nang isuko ang inyong buhay sa Kanyang Salita, ’yan ang dalangin ko.

Till we meet, till we meet,
Till we meet at Jesus’ feet;
Till we meet, till we meet,
God be with you till we meet again.

³⁰⁸ Ngayon magsitayo tayo. *My Faith Looks Up to Thee!* . . . ? . . . Siguro . . . buweno, ibahin natin ’yun. Siguro’y ’yun na lang uli. (Pasensya na po.)

My faith looks up to Thee,
Thou Lamb of Calvary,
Saviour Divine!
Now hear me while I pray,
Take all my sin away,
O let me from this day
Be wholly Thine!

³⁰⁹ Ngayon kamayan natin ang isa’t isa habang umaawit sila.

While life’s dark maze I tread,
And griefs around me spread,
Be Thou my Guide;
Bid darkness turn to day,
Wipe sorrow’s tears away,
Nor let me ever stray
From Thee aside.

³¹⁰ Mas maigi na ang pakiramdam n’yo ngayon, hindi ba?

On the wings of a snow-white dove,
 God sends His pure, sweet love,
 A sign from above,
 On the wings of a dove.

Now on the wings of a snow-white dove,
 God sends His pure, sweet love,
 A sign from above,
 On the wings of a dove.

³¹¹ Iyan ang pagtatapos na mensahe natin para sa malakihang gawaing ito.

On the wings of a snow-white dove,
 God sends His pure, sweet love,
 A sign from above,
 On the wings of a dove.

³¹² Iyuko po ang ating mga ulo. Habang humihiging ang mga gulong ng isang awit sa inyong pag-uwi, umaasa nga ako na . . . maririnig n'yo ang paghiging ng mga gulong, ang pag-ugong ng makina.

On the wings of a snow-white dove,
 God sends His pure, sweet love,
 A sign from above,
 On the wings of a dove.

[Sinimulang ihiging ni Kapatid na Branham ang koro—Pat.]

. . . dove,
 God sends His pure, sweet love,
 A sign from above,
 On the wings of a dove.

³¹³ Habang nakayuko ang inyong mga ulo, ibinibigay ko na kayo sa inyong . . . Kapatid na Noel.



SA MGA PAKPAK NG ISANG
MALA-NIYEBENG PUTING KALAPATI TAG65-1128E
(On The Wings Of A Snow-White Dove)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng gabi, Nobyembre 28, 1965, sa Life Tabernacle sa Shreveport, Louisiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2017 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org